


# ANG DAAN NG ISANG TUNAY NA PROPETA

 Salamat, Kapatid na Borders. Manatili lang po tayo sa pagkakatayo habang tayo'y mananalangin. Iniisip ko kung sino kayang may kahilingan ngayong gabi, itaas n'yo po ang inyong mga kamay at sabihin, "Panginoon, ako po"? Ngayon iyuko na natin ang ating mga ulo.

<sup>2</sup> Makalangit naming Ama, habang pinakikinggan namin ang awiting 'yun, "Panginoon, nananampalataya ako," naiisip namin ang—ang mga sandali, sa palibot ng mundo, narinig ko na 'yun sa marami mismong mga lingguwahe, "Panginoon, nananampalataya ako." *Only Believe*. At, Ama, dalangin namin na maging mas higit pa 'yun sa pagiging isang awitin sa amin ngayong gabi at maging isang realidad. Nawa'y magkamit kami ng dakilang pananampalataya sa Iyo sa gabing ito.

<sup>3</sup> At ngayon dalangin namin para sa munting iglesya na ito, ang pastor dito, ang aming Kapatid na Fuller, na Iyong lingkod, na isang kapatid na kami'y may kumpiyansa. At idinadalangin namin ang kanyang pamilya, ang kanyang mga manggagawa rito, ang mga diyakono, ang mga katiwala, at ang lahat ng pumapasok dito sa pinagpipitagang mga pinto. Dalangin namin, Panginoon, na manatili ito sa tuwina na isang parola ng liwanag para kay Jesus Cristo.

<sup>4</sup> Iyo pong pagpalain ang lahat ng nagmiministryong mga kapatid na narito ngayong gabi, sila na mga pumasok at lumabas na kasa-kasama namin, sa daan. Dalangin namin, Ama, na Iyo pong pagpalain sila nang masagana.

<sup>5</sup> At humihiling po kami, sa gabing ito, ng isa na namang pagbubuhos ng Iyong Presensya sa amin. Kami po'y nangangailangan, Panginoon. Kailangan Ka namin. Kami po'y nangangailangan sa tuwina dahil kami'y narito sa dako ng labanan, Panginoon, kung saan may mga desisyon na kailangan pagpasyahan. At dalangin namin, Ama, na Iyong hikayatin kami sa tuwina sa Iyong Presensya. Mahalagang-mahalaga po ito sa amin, na malaman na Ikaw nga'y sumasaamin. Iyo lamang ihayag ang Iyong Sarili na narito, Panginoon, na pagkatapos nga'y mahihikayat kami na umusad pa mismo. Iyo pong pagalingin ang mga maysakit at mga nagdadalamhati. Iligtas ang mga naliligaw. Palakasin ang mga nanghihina ang loob. Ikaw nga'y kumuha ng kaluwalhatian sa Iyong Sarili. Amin itong hinihiling sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Makakaupo na kayo.

6 Naniniwala ako na si David ang may sabi noon, “Nagagalak ako noong sabihin nila sa akin, “Tayo’y pumunta sa bahay ng Panginoon.””

7 Sabi ni Billy, kani-kanina lang, ang sabi, “Hindi po ba kayo tila napapagod, dad?”

8 Sabi ko, “Oo. Ako’y pagod buong buhay ko.” Dumating lang sa punto na nasanay na ako.

9 Bigla ko tuloy naisip, “Buweno, patanda na ako nang patanda. Siguro nga’y dapat akong maghinay-hinay nang kaunti.” Pagkatapos may dumating, na mga nasa otsenta o nobenta na ang edad, na talagang pinaaalab ang bansa, halos dalawang beses na mas matanda sa edad ko, alam n’yo. Sa isip-isip ko, “Naku! Dapat akong mahiya sa sarili ko.”

10 Doon sa tabernakulo sa amin, may munting matandang mag-asawa na ang pangalan po ay Kidd, nagpupunta roon mula Ohio. Ngayon, kapwa sila, buweno ang edad, otsenta’y singko o otsenta’y otso na. At sila’y napakatanda na hanggang sa di na sila makapunta sa mga simbahan nang kasing dalas noon, dahil ’yung kanilang. . . Wala na silang masyadong boses. Pero alam n’yo ba ang ginagawa nila? Halos bawat teyp. . . Ito pong munting matandang babae’y inipon ang kanyang pera at bumili ng teyp rekorder. At pagkatapos makakakuha siya ng teyp. Ipinapadala ko sa kanya ang mga teyp. At dadalhin niya ang mga teyp na ito, at magpupunta siya sa ospital, sa lahat ng dako kung saan maipupuwesto niya ’yung teyp rekorder na ito, siya at ang munti niyang asawang lalaki, pini-play ang mga teyp na ’yun. At pagkatapos magpapadala ako sa kanya ng isang malaking rolyo ng—ng mga prayer cloth na ipinanalangin ko. At paminsan-minsan, “Kapatid na Willy, naubusan na ako ng mga prayer cloth uli.” At pagkatapos kapag nakikita ko sila, dadalo sila sa simbahan, munting puti na ang buhok, may munting alampay; at ang asawang lalaki, isang munting lalaki.

Mga apat o limang taon na ang nakararaan, noong ako’y nasa. . .

11 Ano uli ’yung pangalan nung lugar dun sa Ohio, kung saan nagdadaos sila nung kombensyon na ’yun taon-taon? Ang tawag nila’y Chautauqua. Pero nakalimutan ko na ngayon. Nandun ’yun sa lugar na ’yun. Pero ’yung—’yung pangalan nung siyudad, di ko lang po maisip. [Isang kapatid na lalaki ang nagsasabi, “Franklin.” Isang kapatid na babae ang nagsasabi, “Miami, sa tabi ng Middletown.”—Pat.] Ngayon, ’yan, malapit ka na ngayon. May nagsabi na dadaanan ang Miami. [Sinasabi uli ng kapatid na lalaki, “Franklin.”] At malapit nga sa Franklin. Oo. Tama. Doon mismo. . . Sa pagkakaalala ko sa pagitan ng Franklin. . . [Dalawang kapatid na lalaki ang nagsasabi, “Middletown.”] Middletown. Yun ’yun. Tama. Hayan, hayan po, Middletown, sa

may gilid ng ilog, doon sa dako ng Chautauqua roon. Nandun 'yung malaking basketbolan, na gusaling pang-atletika roon.

<sup>12</sup> At itong kapatid na lalaki, oh, kilala ko na sila nang maraming taon, at ang matandang Kapatid na lalaking Kidd, oh, sa palagay ko nasa otsenta anyos na siya noong dalhin nila siya, at natuklasan ng mga doktor na 'yung mga prostate niya'y naging malignant na. At 'yung bukol na nga 'yun daw ay bumalot na sa kanya. Buweno, ang sabi nila'y kinakailangan daw 'yung maoperahan. Mangyari nga na noong hiwain nila siya, "Naku, di na uubra ang pag-oopera. Masyado na siyang malubha." Kita n'yo? Sabi, "Wala nang magagawa, pa." Buweno, iniuwi siya pabalik sa tahanan. At, 'yung pag-oopera nga'y, mahirap para sa isang lalaki na otsenta anyos na. At 'yung timbang niya'y nasa, oh, sa palagay ko, mababa sa sandaang libra.

<sup>13</sup> Tapos, tumawag si Gng. Kidd, noon. Kagagaling ko lang noon sa isang lugar. Mamamatay na raw si Kapatid na lalaking Kidd. At sabi, "Nais ka niyang makita, Kapatid na Branham, bago ka. . . bago siya lumisan." Buweno, si Billy nga at ako'y pumihit pabalik mismo. Natanggap namin 'yung—'yung mensahe, isang gabi, nang mga bandang alas diyes na. Kami'y humayo, kinaumagahan, nang bandang alas kuwatro. Dahil, sa tanghali sa kasunod na araw, ako'y luluwas uli. At halos mapudpod namin 'yung mga gulong ng kotse namin, sa pagsugod dun.

<sup>14</sup> Ang munting matandang lalaki, pinaupo nila siya noong pagdating namin doon. At may munting balabal siya na nakasampay sa kanyang mga balikat, nakaupo siya roon na parang isang matandang patriyarka. May bagay na umantig sa akin. At noong magpunta ako para tingnan siya, tumingin siya.

<sup>15</sup> May isa pang matandang babae na nakaupo roon, isa sa mga naging miyembro ng kanyang simbahan mula noong mangaral siya sa kabundukan, sa distrito ng karbon sa Kentucky, kung saan naglalabada siya para sa labinlimang sentimo kada araw, para maipadala ang kanyang asawang lalaki sa mga pagmimisyon para ipangaral ang Ebanghelyo. Mga sampung taon 'yun bago pa ako ipinanganak; nangangaral na siya ng Ebanghelyo! At tumingin siya, at tinawag niya ang babae na "lola," at siya nga'y otsenta anyos na. At ang babae nama'y lampas nobenta na. At kaya ang sabi niya, "Lola, mukha kayong puti na gaya ng niyebe."

<sup>16</sup> Sa isip-isip ko, "Isa nga 'yang kakatwang pagtingin ng isang ministro sa ilan sa kanyang kongregasyon, habang nakaratay, nakaupo roon, na mamamatay na. 'Lola, mukha po kayong puti na gaya ng niyebe.'" Siyanga.

At tumingin-tingin siya sa paligid. Sabi niya, "Kapatid na Branham?"

Sabi ko, "Opo, Kapatid na Kidd?"

17 Sabi niya, “Buweno, sa palagay ko hindi na magtatagal hanggang sa ipadala na Niya pababa ang aking karwahe.” Sabi, “Ako’y papaakyat na, sa umagang ito.”

18 Tapos sabi ko, “Kahanga-hanga po, Kapatid na Kidd.” Sabi ko, “Yan nga dapat ang maramdaman.”

19 At ang munting matandang Kapatid na babaing Kidd, ilan po ang nakakakilala sa kanya, na narito? Siyanga. Alam ko, oh, marami sa inyo ang nakakakilala sa kanila. Tapos ang sabi niya. . . Sabi niya, “Pero, Kapatid na Willy, sa palagay mo ba kayang pagalingin ng Diyos si papa ngayon?”

Sabi, “Oo naman, magagawa Niya.”

20 Tapos ang sabi niya, “Buweno, maluwalhati ang Diyos!” Sabi niya, “Kung nais Niya akong pagalingin,” sabi, “Ako’y—ako’y handa na magtrabaho muli.”

Sa isip-isip ko, “Otsenta anyos na!”

Sinimulan kong lumuhod. May dumating na pangitain. Yun na mismo.

21 Dalawang araw pagkatapos, dinala nila siya pabalik ng ospital. Ang mga anak niyang lalaki’y miyembro ng kapulisan doon sa siyudad. Hindi nila lubos maisip. Dinala siya pabalik sa doktor. At napakamot ng ulo ang doktor, ang sabi, “Aba, wala akong mahanap maski bakas man nun sa kung saan, ngayon, ikuwento mo ang nangyari sa’yo.” At pagkatapos parang gusto niyang baklasin ang ospital. Bumaling pabalik sa kanyang teyp rekorder, heto nga siya uli, na pini-play ang Mensahe. At doon sila nakatira sa may. . . At doon mismo malapit sa Chautauqua at doon.

22 Ngayon, noong simulan ko mismo ang *Ang Pitong Tatak*, gaya ng ginawa natin noon sa *Ang Pitong Kapanahunan Ng Iglesya*, tumawag siya sa akin nung isang gabi, ang sabi niya, “Buweno, iho, kung mayroon lang akong pera,” sabi niya, “gusto ko ngang makapunta.”

23 Sabi ko, “Huwag kang mag-alala, Gng. Kidd. Ang silid n’yo—ang silid n’yo ay naghihintay. Ikaw at si tatay ay maaaring pumunta.”

Sabi niya, “Pagpalain ang iyong munting puso!”

24 At talagang pinaigi nun ang pakiramdam ko, alam n’yo, dahil sila ang nagpapalakas ng loob ko. Sa edad na walumpu’t lima o walumpu’t anim, hayan nga sila na nagpapatuloy pa rin. Tapos heto ako, na nagreklamo rito, sa edad na limampu’t tatlo. Kaya, naku, pakiramdam mo nga ay talagang lumalakas ang loob mo.

25 Buweno, napakarami nating dapat pag-usapan, at tunay nga na isang kalugud-lugod na grupo ang narito para

mapangusapan, naku, makakapanatili nga tayo rito nang kalahating gabi.

<sup>26</sup> Pero kinakailangan n'yong magpunta sa Sunday school sa umaga. Ngayon, siguraduhin n'yong pumunta kayo. At alalahanin n'yo, lagi ko itong sinasabi, ganap na kasalanan ang ipadala n'yo lang ang mga anak n'yo sa Sunday school. Huwag na huwag n'yong gagawin 'yun. Mali 'yun. Dalhin n'yo sila, sa tuwina. Kita n'yo? Sa tuwina nga'y sumama kayo sa kanila. Siya . . . At mangyari, ngayon, na sa umaga 'yan.

<sup>27</sup> Kaya, ngayon, kung kinakailangan n'yong lumiban sa trabaho, para makapakinig, para makasama namin at manalangin kasama namin, at iba pa, na liliban kayo ng trabaho, ayos lang 'yan. Sige lang at lumiban kayo sa trabaho, pero huwag na huwag kayong liliban sa simbahan. Hindi ko kayo pananatilihin nang masyadong atrasado na liliban kayo sa simbahan. Anupa't kung liliban kayo sa trabaho, nang paminsan-minsan, hindi nga 'yun masama. Ngayon, dahil, ang trabaho, 'yan 'yung pinagkukunan n'yo ng pangaraw-araw na makakakin, at, kayo, ipinangako ng Panginoon na ipagkakaloob 'yan. Kaya, pero, dito, kinakailangan n'yong masigurado na makapunta kayo sa simbahan. Kita n'yo?

<sup>28</sup> Iniisip ko, bukas ng umaga, kasama ko ang isa pang kalugud-lugod na kapatid na lalaki rito sa siyudad. Pero di ko lang alam kung ano 'yung pangalan niya ngayon. Sa palagay ko parang 'yung Apostolic Church, o Apostolic Church, ang ibig kong sabihin. Yung Apostolic Church nga. Marahil kilala ko—kilala ko ang kapatid. Wala 'yung pangalan niya sa papel. Pero hindi ko—hindi ko pa rin alam kung sino ang kapatid na lalaking ito sa mga sandaling ito. Pagkatapos bukas ng gabi, sa may . . . [Isang kapatid na lalaki ang nagsasabi, “Macias.”—Pat.] Ano po uli? [“Kapatid na Macias.”] Kapatid na Macias. Oh, si Macias. Oh, 'yung Mehikanong simbahan pala. Tama ba? Oh, 'yun ba 'yung humalili sa puwesto ni Kapatid na Garcia noong umalis siya rito? [“Tama po.”] Sige. Mainam 'yan.

<sup>29</sup> Hayan po, natanggap ko 'yung liham, dito medyo matagal na, mula sa kanyang anak na babae, sa may . . . Si Kapatid na Garcia, sa may—may California, siya'y nagdadaos pa rin. Kaya, ako'y lubos na nagpapasalamat. At nakatagpo ko sina Kapatid na lalaki't Kapatid na babaing Garcia noong naroon ako sa San Jose, sa palagay ko, kasama si Kapatid na Borders doon. Mabuti nga ang kalagayan nila roon. Hinding-hindi ko nga makakalimutan ang mga gabi na 'yun doon sa munting Mehikanong simbahan. Hindi pa ako nakakarinig kailanman ng ganoong karaming “Gloria a Dios” sa buong buhay ko. Hinding-hindi ko makakalimutan 'yung, “Gloria a Dios.”

<sup>30</sup> [Nakikipag-usap si Kapatid na Williams kay Kapatid na

Branham—Pat.] Naku! Salamat, Kapatid na Williams. Mainam 'yan. Labinlimang-daang upuan daw, sa umaga, sa simbahan na ito. Kaya naman, ang lahat ay inaanyayahan na pumunta po, kung wala kayong pupuntahang. . . Ngayon, sandali lang po. Kinakailangan kong mag-ingat tungkol diyan. May nabanggit ako nito lang na bagay na mali. Hindi. Nang may buong sinseridad, kayo po ay dapat na naroon sa nakaatang na tungkulin sa inyo. Kita n'yo? Huwag. . . Ngayon, mainam naman.

<sup>31</sup> At ngayon nalaman ko na sila. . . Nakakita ako ng tolda. Napadaan ako rito sa Sixteenth at Henshaw. O, 'yun 'yung tawag dun noong lumagi ako, dito sa Arizona, mga tatlumpu't limang taon na ang nakararaan, isang matandang maalikabok na daan. Pumunta ako roon kung nasaan sila, at sa Sixteenth at Henshaw po. At tumira ako roon kasama ang ilan, sina Francisco, at—at ngayon nga'y hindi n'yo na makikilala ang naturang lugar. Maski pangalan ay pinalitan. Sa palagay ko ang tawag na nila dun ngayon ay Buckeye Road.

At, oh, nagbabago nga ang mga bagay-bagay, pero hindi ang Diyos.

<sup>32</sup> At napadaan ako roon at nakita ko ang isang kapatid na may pagtitipon siya sa tolda. May kapatid dun na nagtayo ng tolda roon. Dumaan ako para makita kung makikita ko siya, pero hindi ko siya nakita sa kung saan, para sabihin sana sa kanya na hindi kami naparito para makipagkumpetensya sa kanya. Bagkus, napakarami lang talagang mga tao rito!

<sup>33</sup> Naalala ko si Jack Shuler. Mainam nga ito para sa inyo na mga Methodist. Noong pumarito ako isang beses, sa may Madison Square Garden, nandito rin si Jack noon sa may—sa may mataas na paaralan. At—at tinawagan ko siya. At sabi ko, “Kapatid na Jack?”

Sabi niya, “Opo. Si Kapatid na Branham ba ito?”

Sabi ko, “Oo.” Sabi ko, “Ako yata'y sumabay sa gawain mo rito.”

<sup>34</sup> Tapos sabi niya, “Hindi.” Sabi, “Hindi. Napahaba lang ang pananatili ko at umabot na sa iskedyul mo.”

<sup>35</sup> Tapos sabi ko, “Oh, pasensya na, Kapatid na Jack.” Sabi ko, “Hindi ko. . .”

<sup>36</sup> “Ah,” sabi niya—sabi, “ayos lang po, Kapatid na Branham.” Sabi, “Nais lang nila na manatili pa ako.”

<sup>37</sup> Sabi ko, “Oh, hindi naman makakaistorbo ang grupo ko sa iyo riyan, siyanga, Jack,” Sabi ko, “dahil karamihan naman sa akin dito'y Pentecostal.”

Sabi niya, “Naku, 'yung sa akin, din.”

Sabi ko, “Ganoon ba?”

“Naku,” sabi niya, “oo.” Sabi niya, “Pentecostal ako.”

38 Sabi ko, “Naku, huwag mong ipaalam ’yan kay Bob.” Yung tatay po niya, alam n’yo. At siya’y kumbaga, din, ay saradong Methodist, alam n’yo na.

39 “Buweno,” sabi niya, “Kapatid na Branham, di po ba’t alam n’yo kung ano ang isang—kung ano ang isang pentecostal?”

Sabi ko, “Sa palagay ko.”

Sabi, “Isa’yung Orthodox Methodist.”

40 Tama nga naman, Orthodox Methodist. Tama. Kung nagpatuloy lang ang iglesyang Methodist sa mensahe nito, ’yun nga sana’y tumuluy-tuloy sa pagka-pentecostal. Ang—ang tunay na Iglesya nga’y nagtuluy-tuloy.

41 Hindi, hindi naman sa pagsasawalang-bahala sa inyong denominasyon ngayon, kapatid. Kita n’yo? Dahil, ang pentecostes ay hindi isang organisasyon. Sinubukan nilang gawin ’yun, pero sila nga’y bigo. Kita n’yo? Isa itong karanasan. Oo. Ang Pentecostes ay para sa mga Katoliko, o—o sa mga Judio, o kaninuman na nakatanggap... Ang Pentecostes ay isang karanasan, hindi isang organisasyon.

42 At ngayon mangyari nga na ang lahat ng may Bibliang nakabukas, o nakasara, na nais n’yong makibasa kasama ko ng ilang Mga Salita. Gusto kong basahin ang Salita, hindi ba’t kayo rin? Dahil, kung tutuusin, ang bagay na sasabihin ko ay maaaring mabigo, dahil isa lang akong tao. Pero ang mga bagay na Kanyang sinasalita ay di mabibigo. Kita n’yo? “Kalangitan at lupa ay lilipas, ngunit ang Aking Salita ay di kailanman mabibigo.” Oh! Hindi ba’t kahanga-hanga ’yan? Ang Kanyang Salita ay di kailanman mabibigo. Grabeng maluwalhating bagay nga ’yan! Ang Kanyang Salita ay di kailanman mabibigo.

43 Ngayon bumasa tayo ngayong gabi mula rito, at humango ng munting konteksto mula rito, sa kukuhanan ko ng teksto, loobin ng Panginoon. Sa Aklat po ni Amos, ang propesiya ni Amos. Haya’t siya po’y nabuhay nang pitong-daan bago ang... Sa palagay ko mga pitong-daan at walumpu’t pitong taon bago ang pagparito ni Cristo. Sige’t bumuklat tayo sa ika-3 kabanata ng Amos, ang Salita ng Panginoon sa pamamagitan ni Amos. At gusto ko—gusto ko ang lalaking ito. Itinuturing siya bilang isa sa mga minoryang propeta, pero tunay nga na dala niya ang Salita ng Panginoon.

*Dinggin ninyo ang salitang ito na sinalita ng PANGINOON laban sa inyo, Oh mga anak ni Israel, laban sa buong angkan na aking iniahon mula sa lupain ng Egipto, na sinasabi,*

*Kayo lamang ang aking nakilala...sa lahat ng angkan sa lupa: kaya’t aking dadalawin sa inyo ang lahat ninyong kasamaan.*

*Makalalakad baga ang dalawa na magkasama, liban na sila'y magkasundo?*

*Ungal baga ang leon sa gubat, kung wala siyang huli? sisigaw baga ang batang leon sa kaniyang yungib, kung wala siyang huling anoman?*

*Malalaglag baga ang ibon sa silo sa ibabaw ng lupa, ng walang silo sa kaniya? lulukso baga ang panghuli mula sa lupa, at walang nahuling anoman?*

*Tutunog baga ang pakakak sa bayan, at ang bayan ay hindi manginginig? sasapit baga ang kasamaan sa bayan, at hindi nga ginawa ng PANGINOON?*

*Tunay na ang Panginoon. . . ay walang gagawin, kundi kaniyang ihahayag ang kaniyang mga lihim sa kaniyang mga lingkod na mga propeta.*

*Ang leon ay umungal, sinong di matatakot? Ang Panginoong Dios ay nagsalita, sinong hindi manghuhula?*

44 Nawa'y idagdag ng Panginoon ang Kanyang mga pagpapala sa Mga Salitang ito.

45 Marahil naningkit ang kanyang munting mga mata, habang sumisinag ang mainit na araw pababa nung umagang 'yun at sinisinagan ang puti niyang balbas at buhok niya, habang nasa ibabaw siya ng burol sa hilaga ng Samaria at nakatanaw sa siyudad. Ang mga damit niya'y pangkaraniwan lang, at puno ng alikabok ang kanyang mga paa. Hindi siya kaaya-ayang tingnan kung tutuusin, pero dala niya mismo ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON para sa mga tao.

46 Grabeng ibang-iba 'yan sa panahon ngayon sa moderno nating pagi-ebanghelyo! Grabeng ibang ayos sa bagay na nasa atin, kung ikukumpara sa kanya!

47 Ang munting lalaking ito, na walang iba kundi si Amos, ay isang tunay na propeta ng Panginoon, dala-dala ang Salita ng Panginoon, para sa makasalanang henerasyon na 'yun! Ang walang takot, na munting lalaking ito'y nagpropesiya noong mga araw ni Jeroboam na ikalawa.

48 Si Jeroboam ay matalino, napakatalino, matalinong lalaki, pero isa siyang sumasamba sa diyus-diyosan. Haya't pinangunahan ni Jeroboam ang kanyang kaharian sa tugatog nito, pero siya'y nasadlak sa pagsamba sa diyus-diyosan. Namali siya ng landas. Pero sumagana ang kaharian sa ilalim ni Jeroboam.

49 At, kadalasan, nagbubunsod ng kasalanan ang kasaganaan. Maraming tao ang nakatingin sa kasaganaan bilang mga pagpapala. Maaari naman, kung madadala natin nang tama. Pero kadalasan na humahantong ito sa kasalanan, sa paninirang-puri sa Diyos.



50 Maunlad na maunlad ang kaharian noong panahon niya, at ang mga tao. Siya'y nakipag-alyansa sa lahat ng mga bansa sa palibot niya.

51 At ganoon na lamang na natangay ang Israel sa kahindik-hindik na pagkakasala, lumayo sa Diyos, lumayo mula sa Kanyang mga kautusan at Kanyang mga panuntunan, at naligaw, mismo, sa pagkaligalig. Lumalakad ang mga kababaihan sa lansangan, suot ang kanilang pino't, mahalay na kasuotan. Ang mga kalalakihan naman ay abalang-abala, sa pagsusugal at pag-iinom. Yung mga establisimiyento sa gilid ng daan, gaya ng tawag natin dito ngayon, 'yung mga lugar ng aliwan, ay bukas na bukas sa siyudad.

52 Pinagsawalang-bahala ng pagmiministeryo ang kasalanan, haya't pinababayaan lang na lantaran. Isang magandang lugar, isang nakapang-aakit na sentro para sa mga turista, at talagang bukas na bukas. Hindi na sinasawata ang kasalanan mula sa pulpito. Yun nga'y pinababayaang lumaganap.

53 At noong bigkasin ang propesiyang ito, mukha ngang ang bagay na 'yun ay di . . . Yun nga'y para bang ang huling bagay na maaaring mangyari. Batay dun sa sinabi ng propetang ito sa kanila, tila 'yun ang huling bagay na maaaring mangyari sa kanila, mula sa paraan na sinumpa niya ang henerasyon na 'yun. Pero, sa kabila nun, sa loob lang ng labinlimang taon, ang kanilang kaharian ay ganap na binura sa mundo.

54 Binibigkas ng Diyos ang Kanyang Salita. At ang Salita ng Diyos ay gaya sa isang Binhi. At kapag Ito'y inihasik, noong ang propeta'y dumating dala-dala ang Salita ng Panginoon at binigkas ang mga salitang ito, ang mga ito nga'y mangyayari't mangyayari, kung ang mga ito'y Mga Salita ng Diyos. Kapag ang—ang Salita ng Panginoon ay pinahiran, at Ito'y ang Salita ng Panginoon, Ito nga'y mangyayari't mangyayari sa kinadadakuan Nito at sa panahon Nito.

55 Nakikita natin Ito, matapos ang libo-libong taon, na nangyayari Ito ngayon. Marapat lang na mangyari Ito, dahil Ito ang Salita ng Panginoon, at hindi Ito maaaring lumipas.

56 May nakikipag-usap sa akin nung isang araw, ang sabi, "Mali ang Genesis, at ang anim-na-araw na paglalang, na sinabi ng Diyos."

57 Sabi ko, "Ang Genesis 1 hanggang (Genesis) 2 ay di hamak na magkaibang-magkaibang bagay." Sinasabi ng unang kabanata ng Genesis, "Sa pasimula ay nilikha ng Diyos ang kalangitan at lupa," tuldok. Kung papaano Niya 'yun ginawa, at kung kailan Niya 'yun ginawa, sa Kanya na 'yun. Siyanga. Pagkatapos, "Ang lupa ay walang anyo, at walang laman," pagkatapos nagpasimula tayo mula roon, para sa paglalang. Pero, "Sa pasimula," gaanong kaluma, hindi natin alam. Lahat ng mga binhi na mayroon ang Diyos roon noong lumabas ang

mga tubig, nanumbalik ang buhay sa lupa muli, pinunong muli ang lupa. At noong ihasik ang Salita ng Diyos, wala ngang anumang bagay ang makahahadlang Dito na mangyari.

<sup>58</sup> Haya't ang walang takot na munting propetang ito'y nanggaling sa di malaman kung saan. Ang tanging bagay na sinabi sa atin tungkol dun, ay isa siyang pastol. Hindi natin alam kung sino ang tatay niya. Hindi natin alam kung sino ang nanay niya. Hindi natin alam ang alinman sa mga angkan na pinagmulan niya, wala nga tungkol sa kanya.

<sup>59</sup> Ganoon nga kadalasan ang pamamaraan na ang mga kalalakihang ipinadala ng Diyos ay dumarating sa eksena. Galing sila sa kung saan na walang nakakaalam, at mawawala sa eksena sa ganoon ding paraan. Wala tayong anumang tala tungkol sa kanya, kung ano nang nangyari.

<sup>60</sup> Itong bantog na lalaking si Jeroboam, na isang—isang bantog na puwersang intelektuwal, at dinala niya ang bansa sa kasaganaan, pero, lugmok sa kasalanan.

<sup>61</sup> Iniisip ko nga, ano kaya kung itipo natin 'yan nang kaunti ngayong gabi sa ating sariling bansa, sarili nating bansa, sa kasalanan sa lagay nga nito. Mangyari nga, kasaganaan, makakatanggap pa nga raw tayo ng bawas sa buwis, agad-agad, gaya ng nabalitaan ko. Mangyari nga, na sinuman ay basang-basa ang nasa pagitan ng mga talata, na malapit na kasi ang halalan. Pero, ang iba pa't, lahat ng mga bagay na ito na nangyari.

<sup>62</sup> Ang Israel, ang mga mangangaral, ang mga saserdote, at ang gobyerno'y iniwan ang Salita ng Diyos, at nakipagkompromiso. At 'yan ang dahilan kung bakit nasadlak ang bansa sa kalagayan nito, gayong napakarami naman nilang mga saserdote, at napakarami ring mga mangangaral gaya ng mayroon sila. Anupa't lumihis sila palayo sa Salita ng Diyos, lumayo mula Rito. At sa ganyang panahon sa tuwina, na ang Diyos ay nagpapadala ng isang tao mula sa kung saan, para pasambulat in ito pabalik sa daan nito muli. Isang taong lilitaw na walang takot na dala-dala ang Salita ng Panginoon at yayanigin ang mga tao pabalik sa Salita muli.

<sup>63</sup> Napapansin ko nga rito. Naisulat ko ang isang bagay rito, na marahil nais kong sangguniin muli. Nasa ika-2 kabanata po, sa ika-4 na talata. Nais kong basahin ito. Pakinggan n'yo ang abang lalaking ito na nagsasalita.

*Ganito ang sabi ng PANGINOON; Dahil sa tatlong pagsalansang ng Judah, oo...sa apat, hindi ko ihihwalay ang kaparusahan sa kaniya kung ganoon; sapagka't kanilang itinakuwil ang kautusan ng PANGINOON, at hindi iningatan ang kaniyang mga palatuntunan, at iniligaw sila ng kanilang*

pagbubulaan, *ayon sa inilakad ng kanilang mga magulang:*

64 Nakita n'yo kung saan ang mensahe niya? Ibinabalik ito sa puwesto, dahil sila'y lumihis mula sa Salita ng Diyos. Sa kaninumang nagbabasa ng Biblia, ipinapahiwatig n'yan sa inyo na siya'y isang tunay na propeta. Ibinabalik niya sila sa Salita, kung saan sila nahulog.

65 Oh, marahil yumaman ang kanilang mga simbahan. Marahil may maiinam na mga gusali sila. Ang siyudad nila marahil ay mas kahali-halina kaysa sa Phoenix. Yun ngang Samaria noon, gaya ng nalalaman nating lahat, ay isang kilalang sentro para sa mga turista. Maging hanggang ngayon, maganda pa ring lugar.

66 Pero, sa kabila nun, ay napalayo sila mula sa Diyos. At nagpadala ang Diyos ng mensaherong ito sa kanila. Grabe ngang mensahe ng pagsasaway mula sa Diyos! Inilantad sila nitong munting propeta.

67 Ngayon, nanggaling si Amos mula sa ilang, papunta sa siyudad ng kabighanian. Hindi nga nakapagtataka na ang ibinigay sa kanya ng Diyos na mga mata'y naningkit habang nasa ibabaw siya ng burol. Siya . . .

68 Hindi nga gaya ng turista, mga kababaihan, na magsasabi, "Tingnan mo ang lahat ng pagsha-shopping na ginagawa ng mga kababaihan. Tingnan mo ang mga bagong moda na mayroon sila rito," o hindi nga gaya ng iniisip ng ilang kalalakihan, "Ang mga casino, at kung ano pa, napakapremyado sa siyudad," o dahil sa marahil nauupo sila sa mga kanto ng lansangan at pinapanood ang pagdaan ng kabilang kasarian, pagnanasa.

69 Pero ang propetang ito, ang kanyang mga mata'y naningkit dahil sa kasalanan na nakita niya sa siyudad. Hindi naniningkit dahil humahanga siya sa mga bagay na naroon, pero dahil nakikita niya kung gaanong kalayo na ang inilihis nila mula sa Diyos, ng mga tao na tinawag at pinili. Napansin n'yo ba rito? Ang sabi ng Diyos, "Wala Akong ibang kinikilalang bayan kundi kayo. Pinangunahan Ko kayo palabas ng Egipto, at pagkatapos ay nalihis kayo palayo sa Akin gaya n'yan."

70 At noong ang propetang ito, na nanggaling sa pagiging pastor mula sa hilagang bansa, na dala-dala ang Salita ng Panginoon, ganoon na lamang ang pagtanaw niya sa siyudad na 'yun. Marahil nagpunas ng pawis. Magaspang ang kanyang mga damit. At marahil walang sapat na salapi para magbayad ng isang-isang silid para sa gabi na 'yun. Wala ngang kaso 'yun sa kanya. Dala niya ang isang mensahe na nag-aalab sa kanyang puso, at kinakailangan niya 'yung ilahad. Hindi lang 'yun, bagkus ang pahid ng Espiritu Santo na tumama sa kanya roon sa ilang, ay pinapikit ang kanyang mga mata mula sa kabighanian ng sanlibutan.

<sup>71</sup> At sinumang pinahiran na lingkod ni Cristo, ang kanilang mga mata'y binulag na mula sa mga bagay ng sanlibutan. Hindi nila nakikita ang mga bagay na 'yun. Hindi nila hanap-hanap ang mga 'yun. May isang bagay sila: si Cristo na nasa harapan nila. Yun lang ang tanging nakikita nila. Hindi nila kinatatakutan ang anuman. Si Cristo ay nasa harapan nila. Isang Mensahe ang kinakailangan na maiparating sa mga tao, at hindi nga sila humihinto sa anumang bagay. Hindi mo nga matutupok Ito para mawala sa kanila. Maaari mo silang ilagay sa bilangguan, sa piitan, sa anuman na gusto n'yo. Sila nga'y lalabas at lalabas muli na dala-dala 'yun. Ganyan ang mga pinahiran ng Panginoon. Siyanga.

<sup>72</sup> Tiningnan niya ang espirituwal na pagkabulok ng siyudad, ang imoralidad, at ang espirituwal na pagkabulok ng siyudad.

<sup>73</sup> Iniisip ko gaano kayang karaming mga lingkod ng Panginoon, na dumadaan sa ibabaw ng bundok rito, ang makatitingin sa Phoenix? Nagpupunta kayo rito para sa kabighanian, at sikat ng araw, at pahinga, na hindi tayo magpapatumpik-tumpik na mangusap tungkol dun.

<sup>74</sup> Dito di pa katagalan, noong huling beses na nandito ako, habang nakaupo roon sa South Mountain, ang maybahay ko'y nakaupo rin doon, kausap ko siya. Sabi ko, "Mga tatlo o apatnaraang taon ang nakararaan ang lambak na ito'y magandang lugar, di maitatangi, habang umaagos dito ang Ilog Salt, at ang mga koyote, at iba pa, at 'yung mga cactus ay tumutubo. Tingnan mo kung papaanong . . . Ang buong lugar ay naging isang kalipunan na ng kasalanan."

Tapos ang sabi niya, "Buweno, kung ganoon anong dahilan at nagpunta ka rito?"

<sup>75</sup> Sabi ko, "Heto ang dahilan kung bakit ako naparito. Sa kabila ng kadiliman nito't kasalanan na nasa siyudad, may mangilan-ngilan na mga patotoo ukol sa Panginoon, mga buhay na bantayog ni Cristo, diyan sa ibaba. Ako'y makikipagbalikatan kasama nila, para pasinagin ang Liwanag ng Ebanghelyo. Ang ilan sa mumunti't kalugud-lugod na mga kapatiran sa ibaba riyang ay nasa kanto kung saan, nagtratrabaho, at napapawisan, at sumisigaw at nananalangin nang malakas, na dala-dala ang isang mensahe sa kanilang puso. Ako nga'y pumarito para iambag ang bahagi ko sa kanila, para pasinagin ang isang Liwanag ng di-nahaluang Ebanghelyo ni Jesus Cristo sa malawak na kalakhang dako na ito ng siyudad ng Phoenix."

<sup>76</sup> Dito nga, kung tutuusin, ay maaaring maging isang kahanga-hangang dako; kung madadala lang ng tao ang kanyang mga naabot at narating na kaya niyang gawin, para magtayo ng magagandang tahanan gaya dun sa itaas sa Camelback Mountain, Cavalier Mountain. Noong dumaan

nga ako roon, haya't, tatlumpu't limang taon ang nakararaan, disyerto lang 'yun. Nagpapastol kami ng mga buriko sa malawak na dakong 'yun habang sakay sa kabayo. At hanggang sa South Mountain dito, hinahabol namin 'yung mga buriko't mga kabayo.

<sup>77</sup> At ngayon naging isang malaking metropolitan na dako na ito sa malaki't magarbong siyudad. Lumalaki nang lumalaki ito nang makasampung libong makailang libo. Lumalawak ito, na hanggang sa sumapit ngayon na ang sariling pagkabulok ng mga siyudad ay pinahantong ito sa lubhang kaguluhan. Mayroon nang mga usok-ulap na namumuo. Yung halumigmig n'yo rito'y kasing sama tulad sa Jeffersonville, Indiana, doon sa Ohio Valley. Irigasyon. . . Laging sinasalaula ng tao ang mundo. Noong ang mga Indian ang may-ari nito, isa itong magandang lugar. Pero noong dumating ang mga taong puti, ipinasok niya ang kanyang mga kasalanan, at alak, at imoralidad. At sinalaula niya ang mga kalupaan hanggang sa ito'y naging wala nang iba pa kundi tambakan ng basura. Grabe nga kung titingnan! Buburahin ng Diyos ito mula sa balat ng lupa, isa sa mga araw na ito.

<sup>78</sup> At Siya'y pumipili ng isang bayan, sa katuwiran, na maghahari sa ibabaw ng lupa, habang Siya'y naghahari bilang Hari. Siya ngayon ay kumukuha na ng Kanyang bayan para sa Kanyang Pangalan, isang bayan para sa Kanyang Kaharian.

<sup>79</sup> Ngayon, magagawa ba nitong matalino't, intelihente't, intelektuwal na grupo ng Israel, na itong dakila't, makapangyarihan, na intelektuwal na presidente, o, hari, na si Jeroboam, na isang matalinong tao, haya't, makikinig kaya sila sa munti't, di-kilalang propeta na ito? Ito kayang dakilang mensahe, na nag-aalab sa kanyang puso, magagawa kaya niya na lumakad sa mga lansangan, at ang mga tao nga, ang mga kababaihan, ay magsisipagdamit na nang disente muli, ang mga kalalakihan ay magsisialisian na sa mga bahay-inuman at mga dako ng kasalanan, at babaling pabalik sa Diyos sa pangangaral ng munti't, di-kilalang lalaki na ito? Yan nga ang tanong na marahil namutawi sa isipan niya, o sa isipan ko, habang nakikinita ko siya na nakatayo roon, at ang munting, nakakalbo niyang ulo'y nasisinagan ng araw. Ang ubanin niyang balbas ay nakalaylay sa kanyang balabal. Habang nakatanaw roon, at tinatanaw ang siyudad na 'yun, at naniningkit ang kanyang mga mata, at kumakabog ang kanyang puso.

<sup>80</sup> At sa kabila nun, doon, nakita niya ang Kaharian ng Diyos, na dapat na maitayo roon, na pinabibigatang lubha ng kasalanan. At dala ang pagsaway mula sa Diyos, na sasaway sa lahat mula sa hari hanggang sa pulubi sa lansangan, bawat saserdote, mangangaral, hari, may kapangyarihan, monarko, anuman siya, dala niya ang sumpa ng Diyos na ipapataw sa kanila. Dahil sila. . . Sa palagay n'yo ba'y tatanggapin nila siya. Oh, uunawain ba nila ito?

<sup>81</sup> Alalahanin n'yo, wala siyang rekomendasyon. Dumating siya na iba sa mga ebanghelista natin sa panahon ngayon. Wala siyang rekomendasyon mula sa kaparian. Ni hindi nila kilala siya. Pero may Isa na nakakakilala sa kanya. Yun yaong Diyos na nagpadala sa kanya. Yun lang ang mahalaga, sa kanya, basta't alam niya kung saan siya nanggaling na ipinadala. Ang mensaheng dala-dala niya ay kinakailangan na maihayag, ano't anuman ang mangyari.

<sup>82</sup> Wala siyang kredensyal mula sa mga denominasyon para tumaguyod sana sa kanya sa pagpasok niya sa siyudad, para makasama siya sa asosasyon ng mga ministro, na sasabihin, "Mga kapatid ko, ako'y ipinadala mula sa *ganitong* grupo, sa grupo ng relihiyon na ito. Kaanib ako sa *ganito-at-ganoon*." Wala siyang ganoon. Wala siya ng mga bagay na 'yun. Ni wala rin siyang fellowship card na maipakita na maganda ang rekord niya sa pakikisama sa mga asosasyon ng mga ministro mula sa bansa na pinanggalingan niya. Wala siyang anumang kooperasyon para sa kanyang kampanya. Hindi siya kumonsulta ng kahit sino tungkol dito.

<sup>83</sup> Masalimuot na katayuan nga ang kinatatayuan ng munting lalaki na ito. Sapat nga 'yun para ibunsod ang isang tao na tumalikod na lang at bumalik, at magpastol na lang uli, ipagpatuloy kung ano 'yung iniwan niya, kung mag-iisip nga siya.

<sup>84</sup> Pero, nakita n'yo, hindi nagdalawang-isip ang lalaking ito. Hindi niya inisip ang tungkol sa kung may kredensyal ba siya, hindi rin niya inisip kung may fellowship card ba siya. Isang bagay lang ang nasa isip niya, at 'yun ang Salita ng Panginoon. Ibinigay Ito ng Diyos sa kanya nang may pagtatalaga, na kinakailangan niyang magtungo roon at magpropesiya. Yun lang ang lahat ng mahalaga sa kanya. Dala-dala niya ang Salita ng Panginoon, at kaya naman pakiramdam niya ay di niya kailangan ng mga kredensyal, o anumang rekomendasyon, o anumang kooperasyon. Ang tanging bagay na kailangan niya, ay, may pagtataguyod siya kasama ng Diyos, at 'yun lang ang kailangan. Hangga't nasa kalooban siya ng Panginoon, ano bang magiging kaibhan? Hangga't alam niya na ang mensaheng dala niya ay mula sa Diyos, pagtitibayin ng Diyos ang mensahe na 'yun. Marapat nga.

<sup>85</sup> At noong dalhin niya ang mensahe, mukha ngang doon ang lahat ng mga saserdote, at mga mangangaral, at mga propeta ng panahong 'yun, ay magsisipuntahan at magsisisi, dahil makikita nila ang kalagayan mismo ng lugar, nakikita ang pagkabulok ng moralidad. Pero noong nagsimula siyang magpropesiya ng Salita ng Panginoon, Ito nga'y hindi pamilyar sa kanila. Wala silang nalalaman na anuman tungkol Dito.

<sup>86</sup> Ganoon na ganoon ang larawan sa panahon ngayon. Hindi

pamilyar, ang mensahe ng Panginoon! Walang kaalam-alam ang iglesya tungkol dito. Kapag naririnig nila ang mga tao na tumatayo at nagbibigay ng mensahe sa di-kilalang mga wika, at binibigyan 'yun ng interpretasyon pagkatapos, at magsasabi ng isang partikular na bagay na mangyayari, ang mga tao nga'y iiling-iling at lalakad palayo; iniisip na ang mga taong ito'y baliw. Kapag may makikita silang isa na tatayo sa Espiritu at magproproposiya, o magbibigay ng isang mensahe mula sa Panginoon, aba, iisipin nga ng mga tao sa daigdig ng iglesya ngayon na ang taong 'yun ay nawala na sa kanilang katinuan. Di sila pamilyar dito, dahil sila'y nasa kaparehong kalagayan, sa panahon ngayon, doon sa Samaria noong panahong 'yun noon.

<sup>87</sup> Pero, alalahanin n'yo, kapag ang mga bansa'y humahantong, o ang iglesya ng Diyos ay humahantong sa tuwina sa ganoong kalagayan, ang Diyos nga ay may kakayahan na magpalitaw ng isang propeta na dala-dala ang Salita ng Panginoon sa kanila. Tunay nga.

<sup>88</sup> Nakalimutan na nila 'yun, matagal na matagal na. Pero dapat nga nilang maalaala, suyurin man nila't tingnan maigi ang kanilang mga talaang-aklat, at titingnan kung may lalaki ba mula sa ilan sa kanilang mga paaralan, na ang pangalan ay Dr. Amos, o wala. Marapat na alam nila, na, "Ang Diyos ni Abraham ay may kakayahan na magbangon mula sa mga batong ito ng mga anak, o mga propeta, para dalhin ang Kanyang Salita."

<sup>89</sup> At ang siya ring Diyos ay may kakayahan sa gabing ito kung papaano Siya noon. At mangyayari nga, tunay, na magiging maling pagkakaintindi 'yun sa mga tao. Magagawa Niyang magbangon ng mga kalalakihan, magpahid ng kalalakihan, para dalhin ang Kanyang Salita. Magagawa Niyang maglagay ng Salita sa isang tao, isugo siya, at patunayan na Siya ay Diyos, sa pamamagitan ng taong 'yun na maipagpapakumbaba ang kanyang sarili at isusuko ang kanyang sarili sa Diyos, at hindi matatakot na magtiwala sa Diyos sa Kanyang Salita. Magagawa nga Niya, at gagawin Niya ito. Kanyang ipinangako na gagawin Niya.

<sup>90</sup> At ang Kanyang Salita, hayan nga, ay pinagtibay sa kanila noong panahon na 'yun. Dahil, habang ang siya ring henerasyon na 'yun ay nabubuhay pa, ang lahat ng iprinopesiya ni Amos ay naganap.

<sup>91</sup> Iniisip ko nga ngayon, sa panahon ngayon, na kung si Amos ay pupunta sa atin, tatanggapin kaya natin siya ngayon? Tatanggapin ba ng Phoenix si Amos? Kung sa isang dako sa kabundukan dito, sa kung saan, o sa ibaba rito sa kung saang bahagi ng bansa, ay darating ang isang munti't, magaspang-na-manamit na lalaki na gaya nun, na lalakad papasok dito at mananawagan sa mga ministro na umayos, at sasabihin, "Dala

ko ang Salita ng Panginoon,” sa palagay n’yo ba tatanggapin natin siya? Tunay nga na hindi.

Ang unang bagay na itatanong natin sa kanya, “Sa anong grupo ka kabilang?”

<sup>92</sup> At ano kaya kung bumaling siya’t, sabihin, “Sa Makalangit na grupo”? Ang dating nga nun sa atin ay di pamilyar, ’yan ang pinangangambahan ko.

<sup>93</sup> Pero ganoon nga ang nangyari noon. At marahil pareho sa panahon ngayon kung si Amos ay lilitaw rito sa eksena.

<sup>94</sup> Atin nga, alang-alang sa sinabi ko, dalhin siya rito, pansumandali, at tingnan natin kung ano sa isip-isip natin ang gagawin niya. Alam n’yo ba kung anong gagawin niya? Naniniwala ako na di siya sasang-ayon sa buo nating kaayusan. Siyanga, po. Di siya sasang-ayon sa ating mga makadenominasyong doktrina. Kokondenahin niya ang mga Methodist, mga Baptist, Presbyterian, Lutheran, Katoliko, at mga Pentecostal. Ituturing niya silang lahat na pareho lang. Tunay na gagawin niya. Di siya sasang-ayon sa makadenominasyon nilang mga doktrina. Didiretso siya mismo sa pinagsasaligang pundasyon ng Salita, at magsisimula mismo sa Salita. Sisimulan niya ang kampanya niya sa GANITO ANG SABI NG PANGINOON.

<sup>95</sup> Naku, naku, sa palagay n’yo ba tatanggapin siya ng Phoenix? Sa palagay n’yo ba tatanggapin siya ng Louisville; ng New York, Boston, Massachusetts, o kung saan pa, California? Hindi, nga. Ipapakulong nila dali-dali ang abang lalaking ’yun sa lalong madaling panahon na madadala nila siya roon. Tunay ngang gagawin nila. Gagawin nila ’yun mismo. Yamang bumalik siya mismo sa Salita, sigurado nga ako na gagawin mismo ng lahat, dahil bawat grupo’y di sang-ayon sa kanya. Wala nga maski isa ang sasang-ayon sa kanya, dahil mas pipiliin nilang manghawakan sa kanilang mga tradisyon na dulot ng di nila pagsang-ayon sa Salita.

<sup>96</sup> Kinakailangan nating alalahanin na siya’y isang tunay na propeta. Kung siya nga, at kung isa siyang propeta na isinugo mula sa Diyos, may isang tanda mismo sa kanya, may isang tiyak na tanda para malaman natin na siya’y isang propeta: siya’y mananatili’t mananatili sa Salita. Dahil, dun galing ang Salita ng Diyos, ibinigay sa mga propeta.

<sup>97</sup> Alam n’yo ba kung anong gagawin niya? Bubulyawan niya’t kokondenahin ang henerasyon na ito. Kokondenahin niya ang bawat babae na putol ang buhok sa bansa. Kokondenahin niya ang bawat mangangaral ng denominasyon. Gagawin nga niya. Kokondenahin niya ang bawat maninigarilyo, bawat babae na nagsusuot ng shorts o pantalon. Gugutay-gutayin niya mismo sila. Bakit? Ito’y laban kasi sa Salita. Ganoon mismo.



98 Sa palagay n'yo ba tatanggapin natin siya? Naku't hindi mangyayari. Hinding-hindi nila siya tatanggapin.

99 Kanyang kokondenahin ang mga imoralidad ng iglesia. Wawagwagin niya ang munti't matanda niyang nangungulubot na daliri sa mukha nila na mga mangangaral at sasabihin, "Sinasabi n'yo ba sa akin na tinatawag n'yo ang sarili n'yo na pinahirang lingkod ng Diyos, at tatayo sa pulpito at hahayaan ang inyong mga kababaihan na manamit nang mahalay sa gitna ng inyong mga kalalakihan, at mga bagay na gaya n'yan? Pinababayaang n'yo ang mga kabataang babae n'yo na lumantad nang ganyan? Pinapayagan n'yo ang mga kalalakihan n'yo na mag-asawa nang dalawa o tatlong beses, at maging mga diyakono sa simbahan? Sinasabi n'yo ba sa akin na hihigpitan n'yo ang paghawak n'yo sa mga kredensyal na nandiyan sa kamay n'yo, at iitsa-puwera ang Salita ng Diyos?" Oh, naku! Kanya ngang bubulyawan ang bagay na 'yun. Siyanga, po. Ang imoralidad ng iglesia, at ang imoralidad ng mga miyembro, kanya ngang bubulyawan ito. Naku! Bawat miyembro, gugutayin niya. Bawat gawang-taong doktrina mula sa seminaryo, kanya nga mismong gugutayin hanggang magkapira-pirasong.

100 Ngayon, maaatim n'yo ba na tanggapin ang isang lalaki na gaya nun? Hindi. Hindi nga nila magagawa. Tunay nga na di nila tatanggapin. Palalabasin nga nila ang lalaking 'yun sa lalong madaling panahon na magagawa nila. Aba, magtitipon ang asosasyon, at sasabihin, "Aba, kinakailangan na may gawin tayong kung anong bagay tungkol dito. Pagsabihan n'yo ang kongregasyon n'yo na huwag pumunta roo't pakinggan 'yun." Hindi. Hindi. Hindi nga natin siya tatanggapin, sa anumang paraan, hindi natin siya talaga tatanggapin. Sigurado 'yan. Hindi nila kayang gawin.

101 Pakinggan n'yo ang kanyang pagbulyaw. Oh, gusto ko 'yung binanggit dito. Tinitingnan ko ngayon 'yung bagay na sinabi niya. Ang sabi niya, "Ang mismong Diyos na sinasabi n'yong pinaglilingkuran n'yo ang wawasak sa inyo."

102 Sasabihin niya ang siya ring bagay na 'yun sa panahon ngayon. Tayo na mga Amerikano'y napuluputan na ang ating sarili ng napakaraming walang katuturan na bagay, labis na naglalakihang mga gusali, at malaking bilang sa ating mga organisasyon, at lahat na nitong maningning na kasikatan, at mga ministro mula sa seminaryo na mga sinanay para manahimik at hindi magsabi ng anumang ukol dito, dahil takot sila na baka matiwalag sila mula sa iglesia. Tunay. Mabubulyawan niya ang bagay na 'yun hanggang magkapira-pirasong, dahil laban 'yun sa Salita. Tunay nga. At ang mismong Diyos na sinasabi natin na pinaglilingkuran natin ay-ay tutupukin ang bagay na 'yun, isa sa mga araw na ito. Kanyang pasasambulatin 'yun hanggang magkapira-pirasong.

<sup>103</sup> Hindi magbabago ng kanyang pananalita si Amos, kung nandito siya sa panahon ngayon. Mananatili siya mismo pabalik sa Salita! Oh! Ano? Pakinggan n'yo 'yung pahayag niya roon sa kanila, "Inibig kayo ng Diyos. Inilabas Niya kayo. Ginawa Niya kayong piniling bayan."

<sup>104</sup> Gusto kong marinig siya sa loob ng isang Pentecostal na simbahan isang beses. Kapag maniwala kayong si Amos nga 'yun, marahil tatantanan n'yo ako, nang kaunti. Kita n'yo? Siyanga, sasabihin niya sa kanila. Hindi siya magpipigil sa pagbanat. Kanyang pasasambulatín 'yun nang singtigas na magagawa niya, at sasabihin sa kanila kung saan sila dinakaabot sa Salita.

<sup>105</sup> Ang Diyos na naglabas sa inyo mula sa gawang-bahay, gawang-tao na mga morge, mga taon na ang nakalipas! Limampung taon ang nakararaan, ang mga tatay at nanay n'yo ay lumabas sa mga sistemang ito na gumapos at nagpasok ng sanlibutan sa kanila. At ipinadala ng Diyos ang Kanyang habag at tinawag kayo palabas, palayo sa kasalanan at mga bagay na—na 'yun na nasa loob ng simbahan. At ngayon bumaling kayo pabalik, gaya ng ginawa ng Samaria. Haya't, inilabas sila ng Diyos mula sa mga bansang 'yun, at bumaling silang pabalik at nakipag-alyansa sa bansa na 'yun, kung papaano nga tayo sa panahon ngayon, at nakikipagkumpetensya sa naglalakihang mga denominasyong simbahan na 'yun. Nagtatayo tayo ng mas malalaking eskuwelahan. Ano? Di natin kailangan ng malalaking eskuwelahan. Ayos lang naman 'yan; wala akong masasabi na anumang laban diyan.

<sup>106</sup> Pero sa tuwing kukunin n'yo ang isang nagtatag o isang pinuno na yumabong sa kapanahunan niya, buweno, naging mainam siya noong panahon niya, pero, sa mismong oras na mawala na siya, hayan nga na nagtatayo sila ng organisasyon sa ibabaw ng kanyang gawa. Tapos kukuha sila ng sambunton na mumunting mga Ricky roon, at mga Elvis, at, malalaman n'yo na lang, binabaluktot na nila ang naturang bagay para umakma sa sarili nila. At pagkatapos darating itong isa *pa* at magpapasok siya ng kung anong ibang bagay dun, dahil isa siyang magaling na intelektuwal na estudyante mula sa Harvard sa kung saan, o kung ano. At ang unang-unang bagay, magsisimla silang magpasok ng *ganito*, at aalisin *Ito*, at sasabihin na ang ibig sabihin daw *Nito* ay *ganito* at *ganoon*. Kaya nasasadlak kayo pabalik sa parehong dating gawi muli. Oo.

<sup>107</sup> Kung nandito si Amos, pasasambulatín niya ang bagay na 'yun diretso sa lupa. Hindi niya kailanman tinaguyod ang kanyang kampanya sa kung gaano bang karaming simbahan ang makikipagtulungan sa kanya. Hindi niya kailanman itatatag ang kanyang iglesya sa ibabaw ng kung anong partikular na organisasyon o kung anong sektaryan na mga bahagi ng simbahan. Ang bagay mismo na gagawin at gagawin niya, ay

itatatag ang kanyang kampanya sa ibabaw ng GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Itataguyod siya ng Diyos gaya ng ginagawa Niya sa tuwina, patutunayan na tama 'yun. Ang sabi niya, "May kaguluhan. May pagkaligalig sa inyong simbahan."

<sup>108</sup> Ano ang sasabihin niya sa panahon ngayon? Ano ang sasabihin niya habang ang Salita na 'yun ng Diyos ay nakapailanlang dito sa harapan natin? Ikalawang Timoteo 3, kung saan ang sabi Nito, "Sila'y magiging matitigas ang ulo, mga palalo, mga maiibigin sa kalayawan kaysa mga maibigin sa Diyos; mga walang paglubag, mga palabintangin, mga walang pagpipigil sa sarili, at mga manghahamak ng mga nagsisikap mamuhay nang tama; may anyo ng kabanalan, datapwat tinatanggihan ang kapangyarihan niyaon." Sa palagay n'yo ba makalilitaw ang isang propeta sa eksena at palalampasin ang ganoong propesiya?

<sup>109</sup> Sasabihin niya, "Ito'y natutupad na mismo sa inyong mga mata sa araw na ito," kung papaanong ang iglesya ay nagiging pormal na, at kung anu-ano nang mga bagay ang ginagawa nila. Kanya ngang—kanya ngang ipapaalala sa inyo ang Mga Salita na 'yun ng Diyos. Ipapaalala niya sa inyo kung ano ang sinabi ng Diyos na Kanyang gagawin sa panahon na ito, kung si Amos ay lumitaw sa eksena. Hindi lang 'yun, haya't patutunayan ng Diyos, sa pamamagitan ni Amos, ang bagay na ipinangako Niya na gagawin sa panahon na ito. Tunay nga. Gagawin Niya. Kanyang ginawa 'yun sa panahon noon. Kanyang ginagawa ito sa tuwina. Tunay nga.

Hinding-hindi natin tatanggapin si Amos kung lilitaw siya sa eksena.

<sup>110</sup> Ngayon, ganoon na lamang, "Ang anyo na 'yun ng kabanalan," ay tatayo roon sa—sa mga koro, at—at sa buong palibot, magaganda't mahahaba ang balabal na mga koro, at—at ang pag-awit ay gaya sa Mga Anghel; at magsasasayaw, sa kasunod na gabi, na parang mga diyablo. Ganoon nga. Kita n'yo? Yun mismo ang katotohanan. Ang ilan nga'y lalabas dun suot itong magarbo, na naghahabaang mga balabal, tila mabulaklakin na ganoon ang itsura, at magmumukha ngang kung anong anghelikong Nilalang; at tatayo roon at tatanggihan ang Salita, gaya ng gagawin ng alinmang masamang espiritu. "May anyo ng kabanalan, subalit tinatanggihan ang kapangyarihan niyaon." Hahayo kayo, na ipinapangusap ang tungkol sa bautismo ng Espiritu Santo, sila, aba, kanya—kanya ngang itataboy kayo palabas ng simbahan. Kita n'yo? Bakit? Ganoon na ganoon ang gagawin niya. Pero tatayo nga sila sa kanilang mga simbahan at hahayaan ang kanilang mga miyembro, doon sa ilalim na silid, na magsasayaw ng twist at rock-and-roll.

<sup>111</sup> At 'yung tinatawag nating Y.M.C.A., iniisip ko nga kung

anong ibig sabihin ng C roon. Lumakad ako sa kanila, halos wala ka ngang maririnig na anuman kundi ang Pangalan ng Panginoon na gina-. . . Baka Young Men's Cursing Society ang ibig sabihin n'yan?

<sup>112</sup> Naroon ako, di pa katagalan, sa isang hotel, tawid lang mula sa Y.W.C.A. At isa ngang kahihyan ang makita ang mga kabataang babae roon sa sahig, na mag-aalas nuwebe na'y, halos pilipitin nila ang kanilang mga binti, sa kakasayaw nung twist. Ganoon nga. At lahat sila, mga miyembro sa isang simbahan, umaawit sa mga koro, at nagtuturo ng Sunday school. Wala ngang iba kundi ang diyablo, na nagtuturo sa mumunting mga kabataan doon sa sahig, ng isang sistema na gawa-gawa lang, na tinatawag na relihiyon. Tunay nga. Pasasambulatin ng isang tunay na propeta ang bagay na 'yun pabalik sa usok ng impyerno kung saan ito nanggaling. Tunay na 'yun ang totoo.

<sup>113</sup> Sa palagay n'yo ba maaatim ni Amos na tumayo sa ibabaw ng entablado at mangaral ng Ebanghelyo, at pagkakita sa grupo ng mga kababaihan na putol ang buhok ay hindi 'yun kokondenahin? Sa palagay n'yo ba hindi niya sisipiin ang Isaias 5, at ang Unang Mga Taga-Corinto 14? At, oh, hindi niya—hindi niya kaya ibuhos 'yun? Tunay. Gagawin niya. Lalakad dun sa kalsada at makakakita ng kababaihan na suot-suot ang maliliit na mga damit na 'yun, mukhang lalaki, hapit na hapit na kita ang balat, halos; lalakad dun, patwist-twist, pihikan ang lakad, maglalakad nang paganoon, tumutunog-tunog ang takong habang sila'y lumalakad, at sa palagay n'yo hindi tatayo ang isang lingkod ng Diyos sa ibabaw ng pulpito at bubulyawan ang bagay na 'yun? Hayan nga, na napakadalang na maipangusap 'yan mula sa, mula sa pulpito. At 'yan nga'y sa mga Pentecostal na simbahan, din. Ganoon nga mismo. Walang kaibhan 'yun kay Amos. Uh-huh. May ilan. . . Haya't isa siya sa magsasabi ng ganoon. Hindi siya matatakot, dahil siya'y pinahiran ng Panginoon. At kung taglay niya ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON, mangyari nga na 'yun at 'yun ang Salita ng Panginoon.

<sup>114</sup> Nagpunta siya sa Samaria, na hindi ang kanilang kagarbuhang ang kanyang pakay, na bilangin kung gaano na karaming organisasyon, at kung gaanong karaming mga miyembro ang mayroon sila.

<sup>115</sup> Gaya ng sinabi ko nung isang gabi, tila ba, ngayon, 'yan na ang pinagtatayuan ng buong iglesya, ang pangunahing bagay sa gitna ng mga kapatiran ngayon, ng mga kaiglesyahan, ay, "mga bilang, mga bilang," na ang isa'y hinihigitan 'yung isa pa. "Mga bilang!" Hindi nagbibilang ng miyembro ang Diyos. Ang binibilang Niya ay katangian. Katangian ang bagay na hinahanap ng Diyos, isang indibiduwal na Kanyang mailalagay sa Kanyang mga kamay, isang tao na makatatayo nang may sapat na tagal.

116 Gaya ng sinabi natin, “Mga pagpapasya! Buong taon, napakarami nating *tinatawag* na mga pagpapasya.” *Mga bato* ang mga ’yan, “mga pagtatapat.” At anong mabuting maidudulot ng isang bato kung walang tagatapyas ng bato na may matalas na Salita ng Diyos, para tapyasin siya para maging isang anak na lalaki ng Diyos, o isang anak na babae ng Diyos, at ilagay siya sa Iglesia kung saan siya nabibilang? Ang pagpapagulong ng bato’y hindi makapagpapatayo ng gusali. Kinakailangan na tapyasin mo ang mga ’yun at hugisan ang mga ’yun.

117 Kailangan natin ng mga kalalakihan ngayon, mga pinahirang kalalakihan, gaya ni Amos noon, na tatapyasin palayo ang sanlibutan mula sa babaing ’yun at gagawin siyang isang anak na babae ng Diyos, tatapyasin palayo ang sanlibutan mula sa lalaki. Kahit na gaano pang karaming mga katiwala ang magtaboy sa kanya palabas, o kung sino pang iba, tatayo at tatayo siya sa GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Oo.

118 Hindi natin tatanggapin si Amos, sa palagay ko nga hindi, kapag ganito. Ano kaya sa palagay n’yo ang iisipin ni Amos kapag lumakad siya papasok sa isang Pentecostal na iglesia sa panahon ngayon, na nag-aangkin na pinangungunahan sila ng Espiritu Santo, at pagkatapos makikita ang siya ring bagay na ’yun sa loob ng Pentecostal na simbahan na nag-aangkin na pinangungunahan ng Espiritu Santo? Iniisip ko nga. Ngayon, napag-uusapan nga natin ang tungkol sa mga Baptist, at mga Methodist, at Lutheran, pero, pagdating sa sarili nating maruming pintuan, hayan nga na ano na? Nagpakalayo na mula sa Salita ng Diyos! May bagay na naging mali, sa kung saan. Ganoon mismo. Oo. Pumupunta sila’t ginagawa ang lahat ng iba’t ibang bagay na ito, at nag-aangkin na pinangungunahan daw ng Espiritu, nakakapagsayaw raw sa Espiritu, kung minsan pa nga’y nakakapagsalita ng iba’t ibang wika.

119 Naniniwala ako sa pagsasalita ng iba’t ibang wika. Naniniwala ako sa pagsasayaw sa Espiritu. Naniniwala ako pagsigaw. Pero may higit pang bagay na kalakip ’yun. Mismo. Gawin n’yo man ang lahat ng mga bagay na ’yun, tapos itanggi ang Salita, hayan nga na may kung anong bagay na mali sa kung saan, mali ang nakuhang espiritu. Uh-huh. Hindi pinangungunahan ng Diyos ang Kanyang bayan sa ganoong mga bagay, ano’t anuman. Hindi. Hindi Niya gagawin.

120 Sa palagay ko panahon na para sa isa uling paglalabas ng lahat-lahat, isa uling Boston Tea Party, gaya ng sabi nila. Kailangan ng iglesia ng isa. Kailangan nito ng isang tunay na puspusang paglilinis.

121 Noong, si Joan of Arc, noong nagdaang panahon, sumala ang iglesyang Katoliko na makilala siya bilang isang banal noong siya’y nabubuhay pa, dahil nakakakita siya ng mga pangitain, nabibigyang-kahulugan ang mga panaginip, isang babae na

puspos ng Espiritu. At ginamit ng Diyos ang munting binibini na 'yun. At inakala nila noon na isa siyang mangkukulam. At sinunog nila siya sa isang tulos, bilang isang mangkukulam. Alam n'yo 'yan. Mga Katolikong pari mismo ang gumawa. Daan-daang taon ang lumipas, at nalaman nila na isa pala siyang banal. Tapos, noong ikakanonisa nila siya, kinakailangan nilang gumawa ng pangungumpisal. Kaya hinukay nila ang katawan ng mga pari't itinapon ang mga 'yun sa ilog, bilang pangungumpisal. Kita n'yo, dumaan lang at nabigo silang makita 'yun. Ganoon din halos ang nagawa nila kay Saint Patrick at sa lahat ng iba pa sa kanila.

<sup>122</sup> Hindi nga nakapagtataka na sinabi ni Jesus, “Pinapalamutian ninyo at pinapuputi ang mga libingan ng mga propeta, at kayo naman ang naglagay sa kanila roon.” Ganoon nga. Ang kailangan natin sa panahon ngayon ay isang Amos na magdadala pabalik sa Salita ng Panginoon sa atin. Tunay nga.

<sup>123</sup> Ngayon, walang kabuluhan ang ating mga pag-aangkin at mga bagay-bagay maliban na ang Espiritu ng Diyos ay naroon para suportahan ang ating mga sinasabi. Kung hindi humahambing ang ating mga buhay sa ating mga sinasabi, kung ganoon ay may bagay ngang mali.

<sup>124</sup> Pinangunahan ni Joan of Arc ang Pransya sa isang rebolusyon. Kailangan nila noon ng rebolusyon. Ganoon mismo ang ginawa nila. Kailangan nila ng rebolusyon, at siya ang nanguna rito. Pero pagkatapos ng rebolusyon, kung saan nakagawa ng pagkakamali, kinailangan nila ng pangontrang-rebolusyon para ituwid—para ituwid 'yung bagay na kanilang pinaghihimagsikan.

<sup>125</sup> Sinasabi ko na ang iglesyang Pentecostal ang pinaka malapit na bagay na nalalaman ko sa Biblia ngayon. Kung hindi, o di sana'y nasa iba ako. Siyanga. Hindi sana ako nakatayo rito at ginugulog ang oras ko, na nangungusap sa mga Pentecostal, kung iniisip ko na walang pag-asa. Siyanga. Tama ang Pentecostes. Pero kung kinakailangan natin ng Pentecostes para makapagsama-sama at gibain ang ating mga tradisyon, hayan nga na kailangan natin ng isang pangontrang-rebolusyon. Kailangan natin ng isang pangontrang-pagdating; ako'y may . . . hindi isang Pentecostal na pag-aangkin, kundi isang Pentecostal na paglilinis na pagdating.

<sup>126</sup> Ang Diyos ay banal. Sila na nabubuhay sa pamamagitan Niya ay kinakailangan na mamuhay nang banal. Siya'y isang banal na Diyos. Ang sabi ng Biblia, “Kung walang pagpapabanal, walang sinuman ang makakakita sa Panginoon.” Totoo 'yun. Ang Buhay Niya ay banal. At kung ang Buhay Niya ay nasa inyo, pinagiging banal kayo nito. Kung wala ito, hindi

n'yo makikita ang Panginoon. At tingnan n'yo kung saan na siya napapadpad.

<sup>127</sup> Parang ganoon tayo sa Israel noong mga panahon na 'yun noon, mangyari nga. Iniisip ng Israel, na dahil sila'y sumasagana, mabuti ang lahat. Mayroon silang pakikipag-alyansa, noong panahon nila, sa ibang mga siyudad. At mayroon silang pakikipag-alyansa. May pakikipag-alyansa ang gobyerno sa mga ministro, sa mga saserdote, sa mga propeta. At akala nila ayos na ang mga 'yun. At akala nila nakalulugod 'yun sa Panginoon. Pero mayroon ngang abang lalaki roon na lumitaw at ibinaling sila pabalik muli. Ganoon nga.

<sup>128</sup> Dahil lang sa sila'y sumagana, diyan nga tayo nakagawa ng pagkakamali. Ang kasaganaan ay hindi tanda ng espirituwal na pagpapala. Ganoon nga. Maski katiting. Ang kasaganaan pa nga, kung minsan, ay isang sagabal.

<sup>129</sup> Naalala n'yo 'yung bagay na sinabi ng Panginoon tungkol sa Israel? "Noong kayo'y munti, noong kayo'y walang-wala, noong kayo'y nahihimlay sa inyong sariling dugo sa kaparangan, na walang sinuman ang lilinis sa inyo, kayo'y kinuha Ko. Pagkatapos pinaglingkuran ninyo Ako. Pero noong tumanda kayo nang sapat na naisip ninyo na mainam na ang kalagayan ninyo at may kapanatagan sa ganang sarili, ay inyo nga Akong iniwan pagkatapos." Sa tuwina nga'y ganoon ang ginagawa nila.

<sup>130</sup> Si Uzzia, gaya ng ipinangusap ko sa agahan ng Business Men noong isang umaga, isa siyang bantog na lalaki. Nanghawakan siya sa Panginoon. Pero noong isang araw matapos na palakasin siya ng Diyos. . . At siya'y isa ngang dakilang huwaran noon kay Isaias na propeta. Pero noong lumakas nga siya, at naging matatag, nagsimulang matakot sa kanya ang mga bansa. Nagtayo siya ng mga pader niya at unti-unting gumagawi sa magagarbong bagay. Naging mapagmataas na siya sa sarili. Unti-unti nga niyang nakikita kung gaanong pabantog siya nang pabantog. At pagkatapos sinubukan niyang kunin ang lugar ng mangangaral. At hinaplit siya ng Diyos ng ketong, at namatay siya na isang ketongin. Kita n'yo? Ayaw na ayaw nga nating maging mapagmataas, sa ating mga puso.

<sup>131</sup> At kung minsan, kapag nakikita natin ang ang ating mga organisasyon na umuunlad, sinisimulan nating sabihin, "Kami'y malaki nang grupo. Kami ang pinaka malaking Pentecostal na grupo na mayroon. Mas marami kami kaysa sa iba pa sa kanila." O, "Hindi kayo makapupunta ng Langit maliban na kabilang kayo sa aming grupo," o kung ano. Kapag kayo'y nagiging ganoon, inyo ngang inilayo ang inyong sarili mula sa Salita ng Panginoon. Ganoon nga. Alalahanin n'yo, sapat ang lapad ng kumot para umabot at kumutan ang inyong kapatid. Ganoon mismo. Ibilang n'yo siya.

<sup>132</sup> Oh, ganoon na lamang na kailangang-kailangan natin, sa panahon ngayon, ang isang pagtawag pabalik sa Salita ng Panginoon. Tingnan n'yo, ngayon. Haya't kailangan ng bansa natin ng isang pagtawag pabalik.

<sup>133</sup> Mangungusap ako, isa sa mga gabing ito, kung magagawa ko, nais kong... May pagsasakdal ako. Kinakailangan ko lang maghintay na mapagtipon-tipon ang lahat ng mga mangangaral na sama-sama. Oo. Nais kong sakdal in ang henerasyong ito ukol sa Dugo ni Jesus Cristo, at patunayan 'yun sa inyo. Kita n'yo? Ngayon, marahil gagawin ko 'yan, pupunta roon marahil para gawin 'yan. Pero tayo, sige't tingnan natin kung makapagdaos tayo ng agahan isang umaga, para lamang sa mga ministro. At nais ko—nais ko, tulungan nawa ako ng Panginoon, na maipakita nang eksakto kung saan nga tayo—saan nga tayo patungo, na maling direksyon. Kinakailangan nating bumalik. Wala ngang ibang daan kundi bumalik. Tama.

<sup>134</sup> Tingnan n'yo ang ating bansa ngayon. Tingnan n'yo ang bagay na tinatangka nating gawin, ang mismong bagay na nangyari sa madilim na kapanahunan, ang ipagkaisa ang simbahan at ang estado.

<sup>135</sup> Tingnan n'yo ang unyon, o, ang—ang Pandaigdigang Konseho ng mga Iglesya, lahat ng mga iglesya'y umaanib na sa Pandaigdigang Konseho na ito ng mga Iglesya, at iniisip nila na ito'y pagiging isa sa Diyos, dahil, ang lahat ng mga kaiglesyahan, Nagkakaisang Magkakapatid, mga kalalakihan ng pundamental na mga simbahan ay patungo na rito sa bantog na isang malaking organisasyon, dahil sa kakulangan sa kaalaman ukol sa Salita ng Diyos. Sinalita na ng propeta na ang bagay na 'yan ay mangyayari, "Gagawa sila ng larawan ukol sa hayop, at magkakaroon ito ng kapangyarihan na makapagsalita."

<sup>136</sup> Oh, iniisip n'yo ba na maaatim ni Amos na tumayo sa pulpito ngayong gabi sa dako rito, kung siya'y nasa Phoenix, at makakaligtaan na sumigaw ukol sa bagay na 'yun? Hindi dahil sa laban siya sa atin, na pagkakapatiran, pero siya nga'y laban sa sistema na inilalayo tayo mula sa Salita. Yun nga ang bagay na gagawin niya. "Papaanong ang mga tao'y nakakapaglakad na magkakasama?" Sinabi mismo rito ng Biblia, dito, sa Amos. Ang sabi ng Panginoon, "Sabihin mo sa mga tao, 'Papaanong makalalakad ang dalawa na magkasama, nang hindi sila magkasundo?'"

<sup>137</sup> Ngayon, papaano nga uubra na dadalhin natin ang ating mga Pentecostal na grupo at sasanib doon sa Pandaigdigang Konseho ng mga Iglesya, gayong kalahati sa kanila roon, lampas kalahati, walumpu't lima o siyamnapu't limang porsiyento, ay pinabubulaanan ang birheng kapanganakan? Pinabubulaanan nila. Sa palagay ko, siyamnapu't siyam na porsiyento nila



ang nagpapabula, pinabubulaanan nila ang Makalangit na pagpapagaling. Pinabubulaanan nila ang mga tuntunin ng Biblia. Pinabubulaanan nila ang pagsasalita ng iba't ibang wika. Tanging ang Pentecostal na grupo lang ang tumatanggap dun. At papaano nga natin maipagkakaisa ang ating mga sarili sa kanila sa isang pagkakaisa? Papaano tayo magiging isa sa kanila? Papaano tayo makalalakad kasama nila nang hindi tayo sang-ayon sa kanila? Papaano n'yo magagawa 'yun? Talagang tatanggihan n'yo ang dakilang ebanghelikong paniniwala na mayroon kayo, ang saligang mga tuntunin ng Biblia, para lang makalakad kasama sila.

<sup>138</sup> Sinasabi ko sa inyo, tumatawag ang Diyos ng indibiduwal. Tinatawag Ka niya, bilang isang indibiduwal, na manatili sa Kanyang Salita at mamalagi sa Kanya.

<sup>139</sup> Papaano nga makalakad ang Diyos kasama sila, yamang ang sarili nilang mga kredo, na gawa-gawa ng sarili nilang panlupang karunungan, ay tinatanggi ang Kanyang Salita? Kapag ang isang kredo'y tinatanggi ang doktrina ng isang grupo ng kalalakihan, na nagsama-sama, at pabubulaanan ang Salita na ganoon nga ito, hayan nga na itinatoboy n'yo ang Diyos palayo sa inyo. Ang Diyos ay banal. At ang Diyos, sinasabi ng Biblia, Siya'y nakamasid sa Kanyang Salita, para pagtibayin Ito. At papaano Niya pagtitibayin ang Salita, gayong ang Salita ay wala roon? Yan ang dahilan kung bakit ang mayroon tayo'y mga miyembro hindi mga anak. Ang dahilan, kredo ang kamit-kamit natin. At ang bawat isa nga'y . . .

<sup>140</sup> Ang tinitingnan ng sanlibutan ay isang super na tao. Ang pinagsusumikapan nila . . . Ang inaasam nila'y isang bagay na hahayaan sila na manatili sa kanilang pag-aangkin bilang Cristiano at mamumuhay naman na kahit ano na lang na naisin nila. Ang mga kababaihan ay gustong umakto na parang Hollywood at naninindigan pa rin na kamit daw nila ang Espiritu Santo. Gusto ng mga mangangaral na magtayo ng pinaka malalaking simbahan at gawin ang lahat ng mga bagay na ito, at hayaan ang mga diyakono na mag-asawa nang maraming beses. At—at magagawa nila ang mumunting mga bagay na ito at mananamit ng *ganitong* kasuotan, na tinatawag nilang liberasyon ng kababaihan.

<sup>141</sup> Sa palagay n'yo ba maaatim ni Amos na tumayo lang nang walang ginagawa ukol dun? Hindi. Tunay nga na hindi. Sa palagay n'yo tatayo lang si Amos dun nang walang kibo, at makikipagkita sa mga herarkiya't mga obispo sa itaas doon, at magsasabi, "Mga kapatid, sa palagay ko dakilang bagay ang ginagawa n'yo."

<sup>142</sup> Aba'y sasabihin niya, "Kayo na sambunton na mga taksil! Kayo na mga impostor! Kayo na mga pinabubulaanan ang Pananampalataya!" Sasabihin niya ang siya ring bagay na

sinabi ni Micaya, noong araw na 'yun sa harap ng apatnaraan na mapagpanggap na mga propetang Hebreo.

<sup>143</sup> Ang sabi nila, “Sa bilang, sa karamihan, haya’t ligtas.” Depende kung saan n’yo ilalapat ang Kasulatan na ‘yan.

<sup>144</sup> Masasabi ko nga, “Nagtungo si Judas at nagpatiwakal; at sige’t gawin n’yo ang siya ring bagay.” Hindi nga ‘yun lumalapat doon.

<sup>145</sup> At hindi nga lalapat, sa, “Sa karamihan ng tagapayo ay ligtas.” Tama ang iglesyang Katoliko sa lahat n’yo kung ganoon.

<sup>146</sup> Sa Salita ng Diyos ay naroon ang kaligtasan. Ang sabi ng Biblia, “Ang Pangalan ng Panginoon ay isang matibay na moog. Ang matuwid ay tumatakbo patungo roon at ligtas.” At ‘yun lang ang tanging ligtas na dako na nalalaman ko. Sa tuwina’y naniniwala roon ang mga propeta. Noong mamatay si Abraham, noong . . . Noong mamatay si Job, nagpalibing siya sa ipinangakong lupain, bilang kanyang libingan.

<sup>147</sup> Noong mamatay si Abraham, bumili siya ng kapisasong lupain sa tabi ng siya ring lugar, na naroon si Job. Anong ginawa niya? Nakaantabay siya sa propetang ‘yun. Alam niya na lingkod ‘yun ng Diyos, at ang sabi niya, “Talastas ko na ang Manunubos ko ay buhay, at sa huling mga araw ay tatayo Siya sa lupa. Gayong sirain ng mga uod ang katawang ito, ay sa laman ko ngang ito’y makikita ko ang Diyos.” Tama. At alam ‘yun ni Abraham. Inilibing niya si Sarah roon. Bumili siya ng kapisasong lupain, at inilibing . . . Siya, siya mismo’y, nagpalibing doon.

<sup>148</sup> Si Isaac, noong mamatay siya, dinala siya’t inilibing doon. Inanak ni Isaac si Jacob.

<sup>149</sup> At si Jacob ay namatay doon sa Egipto. Pero bago siya mamatay, tinawag niya ang anak niyang propeta, si Joseph. At alam niya na propeta siya, espirituwal na lalaki, nakakapagpaliwanag ng mga panaginip, at nakakakita ng mga pangitain, na ganap na sakto sa tuwina. Sabi niya, “Halika rito, Joseph, na anak kong propeta. Ipatong mo ang kamay mo sa balakang na ito na hinawakan sa akin ng Diyos na makapangyarihan sa lahat maraming mga taon na ang nakararaan, at binago ang pangalan ko mula sa ‘mang-aagaw’ ginawang ‘prinsipe ng Diyos.’ Ipatong mo ang mga kamay mo rito at manumpa ka sa Diyos na hindi mo ako ililibing dito sa Egipto.” Bakit? Bakit? Ano ngang kaso roon?

<sup>150</sup> Ganyan na ganyan ang sinasabi nila ngayon, “Anong kaso naman kung ganoon?” Kumukuha tayo ng mga tao, paaanibin sila sa simbahan, at mula sa lansangan. Kung minsan nga’y dobleng beses na ginagawa n’yo siyang anak ng impyerno kaysa noong una na naroon siya sa lansangan. Tama. May nagagawa ngang kaibahan.

<sup>151</sup> Si Joseph, noong mamatay siya, nabanggit niya, ang sabi, “Balang araw dadalawin kayo ng Panginoong Diyos.” Isa siyang propeta. Ang sabi niya, “Dadalawin kayo ng Panginoong Diyos. At huwag n’yong iiwan ang aking mga buto rito, bagkus dalhin n’yo ang mga ’yun sa ipinangakong lupain.” Bakit? Alam niya na ang Unang-bunga ng pagkabuhay na mag-uli’y lilitaw sa ipinangakong lupain. Ganoon mismo.

<sup>152</sup> Si Jesus, noong mamatay Siya, at bumangon noong umaga ng Pagkabuhay, ang sabi ng Biblia, na, “Marami sa mga banal na natutulog sa alabok ang bumangon, at lumabas mula sa mga libingan at nagpakita sa marami.” Sino ’yun? Sina Abraham, Isaac, Jacob, Joseph. Bakit? Nasa tamang lugar sila.

<sup>153</sup> Yan ang dahilan kung bakit sinasabi ko na tunay na may kaibahan. Huwag n’yo talaga akong ilibing rito sa Methodist, Baptist, o kung aling ibang iglesya. Ilibing n’yo ako kay Jesus, “Sapagkat sila na nakay Cristo ay dadalhin ng Diyos kasama Niya sa Kanyang pagdating.” At tunay nga na may importansya. Tunay, na mayroon.

Huwag n’yong hayaan ang sinuman na sabihin sa inyo, “Basta’t nakikisapi ka sa iglesya.”

<sup>154</sup> Si Amos nga’y hindi maaatim na tumayo lang na walang kibo sa bagay na ’yun. Sasabihin niya, “Ang mismong Diyos na sinasabi n’yo na pinaglilingkuran n’yo. . .”

<sup>155</sup> Sasabihin ko ito sa Pangalan ng Panginoon: Ang mismong Diyos na ipinagpalagay na kinakatawan ng bansang ito ang wawasak sa bansang ito. Kanyang wawasakin ang mga iglesyang ito. Ang Diyos ng Langit ay magpapadala ng Kanyang galit sa paghatol at wawasakin ang mga iglesyang ito, na mga nataguriang iglesya. Alalahanin n’yo, maniwala kayo sa sinasabi ko.

<sup>156</sup> Walang sinuman ang nakasasali sa Iglesya. Sa panuluyan makasasali ka. Hindi ka makasasali sa isang Iglesya, ikaw ay ipinapanganak sa isang Iglesya. Kita n’yo? Makasasali ka sa panuluyan ng Methodist, panuluyan ng Baptist, panuluyan ng Katoliko, panuluyan ng Pentecostal. Pero ipinapanganak ka papasok sa Iglesya ng buhay na Diyos; at ’yun ang ipaparito Niya, ang Iglesya. Kaya, ang mayroon tayo’y mga panuluyan, hindi Mga Iglesya. Sari-sari ang maaaring magtipon sa loob ng panuluyan na ’yan, mga ipokrito at lahat na ng iba pa. Pero ipaalam ko nga sa inyo ito ngayon mismo, na batay sa Salita, wala ni isang ipokrito sa loob ng Iglesya ng buhay na Diyos. Walang iba ang Naroon kundi mga banal.

<sup>157</sup> Ngayon, maaari kang tanggapin ng pagpapamiyembro. At sa palagay n’yo ba—sa palagay n’yo ba hindi ’yan bubulyawan ni Amos? Yayanigin nga niya ang bagay na ’yan sa mismong kinatatagan nito. Tunay nga na gagawin niya.

158 Masdan. Noong ang Israel ay nasa paglalakbay nito, papunta sa ipinangakong lupain, pinangungunahan ng Espiritu Santo, isang Haliging Apoy ang nasa unahan nila, isang hinampas na Bato ang sumusunod sa kanila.

159 At naroon nga't lumabas ang mga taga-Moab, na isang kapatid. Alalahanin n'yo, siya'y bahagi ng Israel, din. Bahagi siya, yamang galing sa liping Judio, dahil anak 'yun ni Lot sa pamamagitan ng anak niyang babae. Lumabas ang Moab.

160 At tingnan n'yo si Balaam, ang pari, lumabas dun at nagtayo ng dambana, nag-alay ng siya ring uri ng mga hain, kasing pundamental mismo sa abot ng makakaya niya. Kita n'yo? At may tanyag na tao siya na kasama. Kasama niya ang hari. Kasama niya ang lahat ng mga bantog na kalalakhian, ang mga prinsipal at mga bating, na nakatayo kasama niya.

161 Pero may Isa na nakatayo kasama ni Moises na hindi niya nakikita. Siya Yaong tumayo kasama ni Amos. Siya Yaong tatayo kasama ng bawat tao na narito, sa gabing ito, na tatayo para sa Diyos at katuwiran. Kahit na gaano pang karami ang mga makapangyarihan, mga monarko sa dako roon, wala nga 'yung kinalaman ni isang bagay man dito. Hindi nila kailanman masusumpa ang pinagpala na ng Diyos. Bakit? Ito'y buhay na Binhi. Ito'y isang Salita ng Diyos. Tutubo Ito tungo sa kaganapan Nito. Oh, mga tanda ng buhay na Diyos sa kampamento! Haya't, mukha ngang nakagawa ng pagkakamali ang Israel sa dako roon. Pero bigo silang makita ang hinampas na Bato, at ang Pagtutubos na ginawa para sa Israel. At may sigaw ukol sa Hari sa loob ng kampamento. Ang Diyos ay kasama nga nila. Bakit? Pinagagaling Niya ang mga maysakit, at nagpapamalas ng dakilang mga himala, at mga tanda't mga kababalaghan, at isang Haliging Apoy ang nakapailanlang sa ibabaw nila. Sinusundan ni Moises ang Haliging Apoy. Ang mga anak ni Israel ay sumusunod kay Moises. At nasa daan sila noon patungo sa ipinangakong lupain, at wala ngang anumang bagay ang makapipigil sa kanila. Amen.

162 Oh, hindi ba't madali sanang mauulit 'yan sa panahon ngayon, kung mailalagay lamang ng Diyos ang isang sinuman sa Kanyang kamay, sa Kanyang kontrol? Buhay na buhay mapasa hanggang ngayon ang Haliging Apoy na 'yun. Siya'y nananatiling siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman. Nabubuhay pa rin ang Salita.

163 Diyos, magpadala Ka sa amin ng isang Amos na...na titindig para sa Katotohanan at sa tama, na yuyugyugin ang mga bagay na ito.

164 Sasabihin n'yo, "Maaari ba kami...Anong klaseng mga resulta ang iniisip n'yo na makakamit niya?"

165 Buweno, magkakamit siya ng mga resulta, hanggang sa tawagin niya ang lahat ng paunang mga itinalaga ng Diyos

na matatawag. Yun ang bagay na kakamtin niya. “Lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay lalapit.” Oo.

<sup>166</sup> Humarap ni Micaya noon kay Ahab, at kinamuhian siya ni Ahab. Ang buong ministeryal na grupo’y laban sa kanya. At lahat sila ay kinasihan, din naman, pero ang kasi na nasa kanila’y hindi lumalakip sa Salita. Ipinagpapalagay ko, marahil, ganoon din ang kinaharap ni Amos.

<sup>167</sup> Noong lumakad sa lansangan ang mga saserdote, ang sabi, “Ngayon, sandali lang! Ano—Ano . . . ? Ipakita mo nga ang mga kredensyal mo. Sa anong eskuwelahan ka ba nanggaling? Sa anong lipi ka nanggaling? Isa ka bang . . . ? Sinong gumawa sa iyo na maging pari?”

Sasabihin niya, “Ang Diyos ang gumawa nun sa akin.”

“Sa anong eskuwelahan ka nanggaling?”

<sup>168</sup> “Kay Diyos na Jehovah. Dala ko ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON.” Makikinig kaya sila sa kanya? Pihadong hindi. Ayaw nilang pakinggan ang lalaking ’yun. Tunay ngang hindi. Ayaw nilang . . .

<sup>169</sup> At, sa kabila nun, sila na mga kalalakihan ay marahil nakapagsabi, “Ako’y kinasihan. Buweno, kasapi ako sa malaking iglesya ng mga Fariseo rito. Tingnan mo kung gaanong pinagpala kami ng Diyos. Nakapagtayo kami ng mga ginintuang dambana. Nakapagtayo kami ng mga templo. Nagawa namin ang lahat ng mga bagay na ito. At, oh, ang nalilikom naming kaloob para sa pagmimisyon ay higit kaysa sa kaninumang iba na mga kaiglesyahan sa buong Judea. Buweno, ginagawa namin ang lahat ng mga bagay na ito *rito*. Ang mga miyembro nami’y maiinam magbigay ng ikapu, at lahat ng ’yun.” Pero sa kabila nun si Micaya o . . .

<sup>170</sup> Tumayo si Amos dun at nagsabi, “Ang Diyos na sinasabi n’yo na pinaglilingkuran n’yo ay wawasakin kayo.” At nangyari mismo.

<sup>171</sup> Ngayon, hindi ko kinokondena ang mga programang pagmimisyon. Hindi ko kinokondena ang malalaking mga simbahan. Pero, ang problema nga, itinutuong ng mga tao ang kanilang mga mata sa bagay na ’yun, at sa . . . palayo sa Salita. At, sa dulo nga, ililigaw kayo nun palayo sa bagay na ’yun, at masusumpungan mo na lang ang sarili mo na dumudulas. Bumalik kayo sa Salita. Huwag kayong lumayo mula Rito. Oh, kailangan natin ng isang sigaw, mula sa ilang ngayon. Tunay na kailangang-kailangan ngayon. Tunay nga.

<sup>172</sup> Iba’t ibang dahilan, nagdadahilan ang mga tao. Gusto nilang magdahilan. Yun ang unang bagay na nagsadlak . . . Yan mismo ang nagwaglit ng pakikisama ng sangkatauhan, ay noon ngang ipakilala ni Satanas ang programa ng pagraron laban sa Salita na ganoon ito. At sa pandinig nga’y napaka lohikal.

173 Kunin natin mismo si Satanas, kung ano marahil ang sinabi niya kay Eba, noong bakuran sila ng Diyos sa loob at sa pamamagitan ng Kanyang Salita.

174 Yun lang ang tanging bagay na ibinigay ng Diyos sa Kanyang bayan para maging pananggalang nila laban sa kaaway, 'yung Salita nga. Hindi Niya tayo kailanman binigyan ng kredo. Hindi Niya tayo kailanman binigyan ng anupamang ibang bagay kundi ang Kanyang Salita. Yun lang. At ang Diyos ay walang katapusan, pinaka makapangyarihan, hindi nagbabago. Hindi nga Siya nagbabago. Ang una Niyang programa'y sakdal. Hindi Niya ito kailanman kailangang baguhin.

175 Ang una niyang pasya, noong ang tao'y magkasala at tumawid sa malaking bangin sa pagitan niya at ng Diyos, na hindi niya nilaanang ang sarili ng daan pabalik, ang Diyos, na puno ng habag at biyaya, ay tumanggap ng panghalili. Tanging isang Diyos na puno ng habag at biyaya ang makagagawa ng isang bagay na tulad nun. Tumanggap Siya ng panghalili, at ang panghalili na 'yun ay dugo. Yun lang ang tanging dako na ang tao'y makalalapit sa pakikisama sa Diyos muli, ay ang sa ilalim ng nabubong dugo. At wala ngang ibang panahon na ang tao'y magkakaroon ng pakikisama sa Diyos, tanging sa pamamagitan ng dugo lamang. At totoo nga 'yun, dako ng pakikisama niya sa Diyos.

176 Ngayon, nagbaba ng pananggalang si Eba. Nagsimulang magrason si Eba. Nagsalita nga ng parang ganito si Satanas, "Ngayon, ikaw . . . Hindi mo pa alam. Wala ka pang natatanggap na pagi-eskuwela. Ako ang propesor ng seminaryo rito." Sarili niya. "At, sinasabi ko sa iyo, natuto kami ng ilang mga bagay roon. Natutunan naming ang Diyos ay napakabuti! Natutunan namin sa aming seminaryo na ang Diyos ay napakabuti! Hindi naman talaga Siya umaasa na gagawin n'yo ang lahat ng mga isinulat Niya roon. Hindi Siya umaasa na ganoon."

"Marahil nga, pero," sabi ng babae, "sinabi kasi 'yun ng Panginoong Diyos."

177 Ngayon, magiging isang mainam na mangangaral sana 'yung babae, kung nanatili lang siya Roon. Yan ang dahilan kung bakit kinondena siya para hindi maging ganoon ngayon. Kita n'yo? Inilayo siya mula rito. Ano kayang masasabi ni Amos tungkol dun? Kung mapapakinggan ko lang sana siya nang limang minuto, at irekord ang kanyang mensahe. Ilalagay ko nga 'yun sa teyp, ipaparinig ko 'yun sa buong mundo. Uh-huh. Pagkatapos ay mananahimik ako ukol dun, mula roon. Pansinin. Siyanga, po, kanya ngang kokondenahin 'yun.

178 At pansinin n'yo kung anong sinabi ng babae. Ngayon, ang sabi ni Satanas . . . Ngayon, hindi niya 'yun magagawa kay Eba, alam n'yo . . .

179 Hindi niya 'yun magagawa kay Adan, pero nagawa niya kay Eba. Kaya sinabi niya kay Eba, ngayon, "Ngayon alam mo *ito*." Sabi niya, "Alam mo, tunay nga na napakabuti ng Diyos para saktan ka. Ang Diyos . . . Tunay nga na hindi ka mamamatay. Alam mo na Siya'y isang mabuting Diyos."

180 Napakarami nating napapakinggan na ganyan sa panahon ngayon. Isa siyang mabuting Diyos. Pero, upang maging mabuti, kinakailangan Niyang maging matuwid, din naman. Yun ang nagpapaging mabuti sa Kanya. Hindi Siya pahapay-hapay. Siya'y Diyos.

181 At ngayon, "Napakabuti ng Diyos para gawin 'yun sa iyo." At unti-unti niyang, sinabi, "Aba, magiging matalino ka. Magkakaroon ka ng edukasyon. Magiging matalino't maalam ka. Malalaman mo—malalaman mo ang mga bagay na di mo pa alam ngayon." Kita n'yo?

182 Isang bagay lang ang kinakailangan niyang malaman, 'yun nga'y ang Salita. Di natin kailangan na magkaroon ng Batsilyer sa Sining, at Ph.D., at LL.D., at lahat nitong iba-ibang bagay. Ang Salita lamang ng Diyos ang inyong alamin. Ang pinakasimpleng bata, na nakakapagbasa, ay malalaman ito, malalaman.

183 Pero, dahil sa pagrarason, at anong kinahantungan nila? Anong kinahantungan nila? Doon nga mismo'y bumagsak sila. At alam ni Satanas na nagapi niya ang sangkatauhan doon mismo. At doon niya sila ginagapi mula pa noon.

184 Yan ang dahilan kung bakit dumating si Amos. Dahil, sa popularidad at mga popular na opinyon, at dahil sa kagalang-galang, na matataas na presidente o hari, at nagdala siya ng kasaganaan. Ipagbibili ng mga tao ang kanilang buhay para sa santumpok na gisantes, gaya ni Esau. Hindi ko po nais na makasakit, haya't pinagsusumikapan ko lamang ilahad ang katotohanan.

185 Kayo na mga Democrat ay ipinagbili n'yo na ang karapatan n'yo sa pagkapanganay matagal na matagal na. Ganoon nga. At hindi po ako isang Republican. Isa akong Cristiano. Pero, kapatid, grabeng kahihyan! At kinakailangan pa ng mandarayang makina para mahalal nang gaya nun. Pero 'yan ang gusto ng Amerika. Yun tuloy ang nakuha nila. Kanya ngang ibinibigay sa inyo ang gusto n'yo.

186 Diyos, Iyo pong ibigay sa akin ang Iyong Salita. Yun po ang nais ko. "Iyong ipahintulot na maitago ko ang Iyong Salita sa aking puso, Panginoon, para hindi ako magkasala laban sa Iyo."

187 Oh, ang iba'y nagrarason. Pero, kita n'yo, hindi nga kayang magrason ni Amos, dahil isa siyang propeta. Ang Salita'y dumarating sa kanya. Hindi.

<sup>188</sup> Gaya ng Salita sa panahon ngayon, kinakailangan n'yong pakahulugan Ito, hayaan ang Espiritu Santo na ihayag ang kahulugan Nito sa pagpapatotoo Nito sa inyong buhay.

<sup>189</sup> Yun 'yung bagay na sinabi, na, alam n'yo, sinabi ni Jeremias kay—kay propetang Hananias. Ang sabi niya, “Kapag ang propeta’y magwiwika, ang bagay na sabihin niya ay magaganap, pagkatapos malalaman ng mga propeta na tama siya.”

<sup>190</sup> Kung narito si Amos, ano sa palagay n'yo ang gagawin niya? Siya nga'y—siya nga'y mananatili sa Salita. Yun ang gagawin niya. Alam n'yo ba? Sasabihin niya sa atin na 'yung bagay na itinuro sa atin ay lihis sa saligan ng orihinal na Salita ng Diyos. Sasabihin nga niya sa atin na tayo'y nalihis nang husto mula sa unang pentecostal na Iglesya. Yan ang sasabihin niya mismo sa atin na mga Pentecostal. Sasabihin, “Ngayon, may halos limampung taon sila para pumaroon, at hindi pa rin kayo nakarating doon.” Oh, ano ngang sasabihin niya sa makadenominyong personalidad? Buweno, oh, ano pa bang maibibigay niya, kung hindi niya gugutayin ang mga kaiglesyahan, dahil sa kanilang mga imoralidad, dahil sa pagtanggap ng mga kredo, pag-anib sa iglesya sa halip na maipanganak papasok dito!

<sup>191</sup> Buweno, kung ipinanganak kayo papasok dito, kapatid na lalaki, kapatid na babae, kikilos kayo nang iba. Kayo—kayo'y mananatili sa Salita. Kung ang Espiritu Santo ay nasa inyo, Ito nga'y kakain lamang sa Salita. Sinabi ni Jesus, “Di lamang sa tinapay mabubuhay ang tao, bagkus sa bawat Salita,” hindi bahagi lang ng Salita, “kundi bawat Salita na lumalabas mula sa bibig ng Diyos.”

<sup>192</sup> Siya, sa pagiging propeta, makikita niya ang bagay na ito sa atin. Sa pagiging . . . si Amos ay isang propeta.

<sup>193</sup> Ngayon papatapos na po ako, nang ilang saglit, pero nais kong patimuin ang mga komentaryo na ito kung magagawa ko. Ipinangusap ko lamang, at ang Espiritu Santo ang magpapatimo nito. Nais kong tanungin kayo ng isang bagay.

<sup>194</sup> Kung si Amos ay pumarito ngayong gabi at tumayo sa entabladong ito, kung maglalakad-lakad siya nang paroo't parito sa mga lansangan ng Phoenix, makikita niya sa atin ngayon, sa ating pambansang kalakaran, sa daigdig ng ating simbahan, makikita niya ang mismong bagay na nakita niya noon sa Samaria: na naibigay nang lubusan sa imoralidad, palayo mula sa Salita ng Diyos. Ang makikita niya'y isang relihiyosong grupo. Sila man din noon, bawat isa sa kanila, na mga Israelita. Pero makikita niya ang isang—isang imoral, imoralidad. Makikita niya—makikita niya ang pagkabulok ng lipunan at moralidad sa gitna ng mga tao. Makikita niya ang pagkabulok ng moralidad sa gitna, ng bansa. Makikita niya ang pagkabulok ng moralidad mula sa Salita. Makikita niya



ang pangangalunya sa loob ng iglesya. Hindi ko ibig sabihin. . . Oo, kapwa nga; sa pisikal, at makikita niya ang espirituwal na pangangalunya. Kung papaanong pinaniniwalaan nila ang mga kredong ng tao sa dako rito, gayong kredong ng tao, at tinatanggap ang mga 'yun sa halip na ang Salita, 'yun nga'y espirituwal na pangangalunya laban sa Diyos. Sinasabi mismo ng Apocalipsis 17, na sila, ang patotot na ito, ay gumawa ng kasalanan, dahil, "Sa kanyang kasuklam-suklam ay pinainom ang lupa ng alak ng kanyang galit." Siyanga. Makikita nga natin na ibang-iba na talaga. Makikita niya ito, ang pagkabulok ng moralidad.

<sup>195</sup> Hindi kailanman sinisi ni Amos ang gobyerno, hayan nga. Pakinggan n'yo. Hindi kailanman sinisi ni Amos ang gobyerno, sa buong Kasulatan niya. Bagkus sinisi niya ang mga tao sa paghahalal nila sa ganoong klaseng gobyerno. Oh, akin ngang. . .

<sup>196</sup> Pagod na po ba kayo? [Sinabing kongregasyon, "Hindi."—Pat.] Buweno, sandali na lamang po. Kita n'yo?

<sup>197</sup> Huwag n'yong sisihin ang gobyerno n'yo. Hindi makakapagtayo ang gobyerno ng isang bahay sa ibabaw ng isang bato kung ang ibinoto ng mga tao'y buhangin. Yun ang nais ng mga tao.

<sup>198</sup> Haya't maraming beses na nakakapagsabi ako ng mga bagay sa pulpito, gayong nalalaman ko na nakaupo riyang ang aking mga kapatid, mga ministro, mabubuting tao. Nais kong kausapin sila, makipag-usap sa kanila sa isang sulok. At tungkulin ko 'yan, yamang nalalaman ang mga bagay na ito, na sabihin sa aking mga kapatid. At nakikipag-usap ako sa kanila. Sinasabi nila, "Kapatid na Branham, alam naman namin na tama ka, pero lalakad palayo ang aming iglesya." Kita n'yo? Kita n'yo? Bagay kasi 'yan na ginugusto n'yo. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Kita n'yo? Hindi n'yo magagawa. Dahil 'yan sa mga tao.

<sup>199</sup> Ngayon, sa palagay n'yo kung magpapatayo ako ng isang gusali sa dako rito sa kalye at magbebenta, sa mga kababaihan sa panahon ngayon, nung mga makalumang, balot ang buong paa, na mga de sintas na sapatos? Baka nga mas marami pang katad ang mayroon sa mga 'yun kaysa—kaysa sa buong tindahan na puno mismo ngayon, sa isang pares. Pero kung ibebenta ko ang mga 'yun nang kahit limampung sentimo kada pares, mamamatay ako sa gutom. Bakit? Ayaw n'yo kasi ng mga ganoon.

<sup>200</sup> Kung magbebenta ako nung mga makalumang, Mother Hubbard na mga palda sa kababaihan sa panahon ngayon, sa palagay n'yo ba bibilhin nila ang mga 'yun? Tunay nga na hindi. Ang gusto nila'y kung anong bagay na maipagsisiksikan nila ang kanilang sarili, na para bang balat ng longganisa ang kalalabasan. Ang gusto nga nila'y—nila'y ganoong kahapit. Lalakad diyang sa lansangan, na apat o limang iba't ibang digri, hapit dito, hapit doon, at nakaangat sa pares ng takong, 'yung

ulo nila’y animo’y nakausli. Yan, di ko sinasabi ’yan bilang biro. Hindi ito lugar para sa biro. Anupa’t ’yan ang katotohanan. Wala akong mainam na edukasyon. Ganoon ko lamang nailalahad ang aking pananalita, alam, alam n’yo ang ibig kong sabihin. Kita n’yo? Ngayon, totoo ’yun. Hindi nga nila bibilhin ang mga ganoong bestida.

<sup>201</sup> Noong isang gabi sa entablado, isang munting Indian na babae ang umakyat dun. Gusto ko siyang kamayan noon. Doon sa simbahan ni Kapatid na Groomer, o kung saan. Nakadamit siya ng bestida na gaya ng suot ng nanay ko. Sa isip-isip ko, “Buweno, pagpalain ang puso mo, ginang.” At pinagaling siya mismo roon ng Panginoon, bago pa siya makalapit sa akin. Siya . . . Kita n’yo? Sa isip-isip ko, “Ako—ako—ako nga’y mananahimik lang.” Kita n’yo? “Maghihintay lang hanggang sa dumating ang pagkakataon, kung kailan.” Kita n’yo? At hayun nga ’yun.

<sup>202</sup> Buweno, hindi na kayo makakapagbenta ng ganoong mga damit. Marahil maibebenta n’yo sa isang Indian, at hindi rin ganoong karami. Sila nga’y nagiging ganoon na ring kaluwag gaya ng iba pa sa kanila. Masyado na kayong nabababad sa mga programa sa telebisyon. At kapag nasa labas ang mga anak n’yo, haya’t papasok ang ilan dito sa moderno’t, puting, mga guro sa paaralan, haya’t dala-dala ang lahat ng walang kabuluhan na ito. Mas mabuti nga kayo riyon, kayo na naroon sa ibayo na gaya ni Sitting Bull at sila noon, matagal nang panahon ang nakararaan.

<sup>203</sup> Doon sa Aprika, hayon nga ang lahing itim natin doon, anong ginagawa nila? Magtutungo roon, sila na mga misyunero, ang itinuturo’y pagbabasa, pagsusulat, at pagbibilang. Gayong siya . . . Aba, sila, mas maalam pa sila tungkol sa moralidad, sa kanilang mga tribo, kaysa sa mayroon kayo kailanman, na madadala ng Cristianismo roon sa kanila. Ganoon nga. Ang sinuman sa mga kababaihan doon, kung siya’y kabilang sa tribo ng Zulu, kung siya’y maghihintay hanggang sa isang partikular na edad na makakapag-asawa na siya, at hindi pa, wala pang kumukuha sa kanya bilang asawang babae, siya nga’y aalis dun. Hindi na siya miyembro ng tribo. Hindi, na. At kung siya’y ikakasal, susuriin ang kanyang pagiging birhen. At kung siya’y matagpuan na hindi na birhen, kailangan niyang sabihin kung sino ang lalaki na gumawa nun, at kapwa sila papatayin, na magkasama.

<sup>204</sup> Magkakaroon nga ng napakaraming patayan dito kung may ganoon tayong uri ng kaayusan. Hindi po ba? Ganoon nga. Kukulangin sila ng mga tagapaglibing na maglilibing sa mga lalaki’t mga babae. Sigurado. “Pero kayo nga’y mga patay, ano’t anuman, at hindi ’yun nalalaman.” Kaya ’yun ang problema roon. Kita n’yo? Pero ngayon, talamak na, ganoon nga.

205 Pagkatapos anong ginagawa n'yo? Dinadala nila sila roon at tinuturuan sa paaralan. Pagkatapos masusumpungan mo na sila sa kalsada. Mayroon silang sariling mga kasalanan sa sarili nilang tribo, 'yung mayroon na sila; at papasok, gagawin na rin ang mga kasalanan ng puting tao; at kaya naman sila'y makasampung beses na mas anak ng impyerno kaysa noong una sila. Ang tanging bagay na kailangan nila ay si Cristo para makapanatili sa dako na kinalalagyan nila. Tama.

206 Ganyan nga ang nangyayari sa ating mga Indian dito sa Amerika. Kung may tao na kinaaawaan ko, sa bansang ito, ay yaong Indian. Tunay nga na masalimuot ang sinapit nila roon! Hindi ako. . . Isa lang akong tao, pero ako nga'y kaisa sa kanila. Siyanga, po. Kung ako'y tawagin ng Panginoon mula sa pagmimisyon ng pakikitungo na gaya nito, kapag tapos na ang Mensahe ko, na pahahabain pa Niya ang buhay ko, ako nga'y dadako sa mga Indian. Siyanga, po. Siyanga, po. Grabe!

207 Nakikita natin 'yung ginawa ni Amos noong siya'y sumigaw roon. Ang buong sistema natin ay talagang kokondenahin. Tunay na hindi. . .

208 Ang gobyerno nga'y hindi makakapagtayo (gaya ng komentaryo ko kanina) sa ibabaw ng isang bato, kung ang boto ng bansa'y para sa buhangin.

209 Papaano n'yo maitatayo ang iglesya n'yo sa ibabaw ng Bato? Papaano makatatayo ang mangangaral sa pulpito at ipapangaral ang Bato, at itatayo ito sa ibabaw ng mga saligan ng buong Ebanghelyo, gayong ang kanyang mga tagapakinig, ilan sa mga tao niya roon, ay patatalsikin siya? Ngayon, sinisisi ko ang mangangaral dahil sa kawalan ng katapangan, at Espiritu ng Diyos, na basta na lang isasara ang pintuan, magsasabi, "Kumuha na lang kayo ng iba na tatayo sa ganyang bagay at hindi ako." Ako—ako nga'y humahanga sa isang mangangaral na gagawin 'yan.

210 Pero sa aba ng kongregasyon na 'yun kung ang isang pinahirang lingkod ng Diyos ay nagsusumikap na madala sa kanila ang Salita, at pagkatapos hindi sila lilinya Rito. Ganoon nga. Papaano siya magkakaroon ng isang iglesya na naroon lahat ang siyam na mga kaloob na kumikilos sa loob, at kung ano pa, at pagkatapos, sila at 'yun, haya't ang iglesya'y di man lang—di man lang makapamuhay nang disente at may moralidad, ni hindi natututunan ang kanilang mga ABC ng Ebanghelyo? Sasabihin ng mga tao, "Kung may mas mainam lang sana akong mangangaral!" Buweno, kasalanan n'yo 'yan. Ganoon nga.

211 Kasalanan ng ating bansa, ating mga Amerikano, na anupa't nagpunta tayo rito para sa kalayaan ukol sa relihiyon. Mula sa ano? At samantalang bumabaling tayo pabalik, at iniluluklok sa ating kabisera ang mismong bagay na dahilan kung bakit tayo naparito para maging malaya sana mula roon.

212 Itong bansang ito'y katulad na katulad ng Israel. Sila, ang Israel, nagpunta sila sa Palestina, pinaalis nila ang mga umookupa roon at kinuha ang lupain. Noong una, mayroon silang mabubuti—mabubuti, na mga kalalakihan na namumuno sa kanila. Mayroon silang David, at Solomon, at dakilang mga kalalakihan dati. Hanggang sa dumating sa, pagkaraan ng panahon, patuloy silang bumoboto, at nagpupuwesto, at naghahalal, hanggang sa sumapit sila sa isang Ahab doon, na nag-asawa ng isang hetano. Ngayon, si Ahab nama'y isang mainam na disenteng lalaki. Ang kanyang. . . Oh, nais niya—nais niyang makagawa ng mabuti, pero hindi lang siya makagawa ng mabuti, dahil sa babae niyang 'yun.

213 Ngayon, wala po akong anumang laban sa lalaki na ipinapangusap ko mga ilang minuto ang nakararaan. Marahil isa siyang mabuting lalaki. Pero 'yung sistema ng patotot na 'yun sa likuran niya, na bumaliko sa kanyang leeg. Yun 'yung bagay na peperwisyo roon. Papasok nang singdali na magagawa niya, na gaya nun, at sa isang iglap ay babagsak ang buong bagay.

214 Alam n'yo ba na tayo—tayo ngayon. . . Ang pambansang utang natin ay napakalaki na, hanggang sa ang ipinambabayad natin ay hiram din na pera, mula sa mga buwis na makokolekta pa lang natin labing-apat na taon mula ngayon. Ano nang mangyayari kung ang sistema'y pumalya?

215 Si Castro, oo't, kontra ako sa kanya. Isa siyang komunista. Siyanga. Ako'y laban sa kanya. Pero mainam nga 'yung ginawa niya na palitan ang pera't ibinalik ang ginto, binili 'yung mga bono at ibinalik ang ginto.

216 Dapat nating gawin 'yun, o may isang bagay na sagabal sa harapan natin, 'yun nga'y, pagmamay-ari ng iglesyang Katoliko ang yaman ng mundo. Hawak niya ang pera. Hawak niya ang ginto, para bilhin ang mga bono natin pabalik uli. Ganoon mismo. At sa palagay n'yo ba itong mga negosyante ng wisiki, at mga negosyante ng tabako, at ang mga kilalang tao ng bansa'y di ikokompromiso ang dignidad nila, para maagapan ang pagkalugi ng lahat ng kanilang mga negosyo't papalsipikahin ang pera? Babaling nga sila pabalik at tatanggapin ang pera na 'yun mula sa iglesyang Katoliko, at pagkatapos siya'y ibinenta na. Siyanga. Hindi ba't inihula 'yan ng Biblia, "Ang yaman ng mundo"? Hindi ako isang pulitiko, ni hindi rin isang matalinong tao, pero nagpapasalamat ako sa Panginoon dahil kilala ko Siya. At ganoon nga. Diyan nga siya mahahandusay, diyan mismo. Matyagan n'yo. Matyagan n'yo at tingnan kung hindi ba't tama 'yun. Sadyang. . . Umaasa ako na buhay pa tayo para makita 'yan, at sa palagay ko hindi natin kailangang maghintay nang matagal.

217 Pero papaano n'yo gagawin? Papaano tayo magtatayo ng isang iglesya? Papaano tayo magtatayo ng isang bansa? Papaano

tayo magtatayo ng isang bansa sa ibabaw nito ngayon? Anong gagawin natin ukol dito?

218 Marahil mas mainam kung tumikom na ako, dadako na lang sa iba. Pero, alam n'yo, sapat na ang naipangusap ko para malaman n'yo kung ano ang ipinupunto ko. Kita n'yo? Alam n'yo ang ipinupunto ko.

219 Tingnan n'yo ang gusto natin. Kayo, nakikita n'yo ang gusto n'yo? Yan at 'yan ang makukuha n'yo. Yan kasi ang inaasam-asam n'yo.

220 Tingnan n'yo ang mga programa natin sa telebisyon, di man lang nasuri kung angkop ba. Dati-rati, mali para sa mga anak natin, hindi natin sila pinapayagan noon na magpunta sa—sa bayan at manood sa mga bioscope, sa—sa mga sine. Pero ngayon bumaling pabalik ang diyablo at—at ginawa 'yung telebisyon, at ipinasok pa sa bawat bahay.

221 At ayos lang 'yun, ayos lang naman ang telebisyon, kung tamang bagay lang ang laman n'yo dun. Tunay, nga.

222 Pero anong ginagawa n'yo? Pabulok nang pabulok kada oras, ginagamit ang pangalan ng Diyos, sa pagmumura, nagmumura, mga hubad na babae, imoral na mga gawa, na nilalason ang isipan ng mga batang ito, hanggang sa ang mga pinalalaki natin ay sambunton na mga beatnik, ganoon nga, mga hudlum. Ganoon mismo. Kinakailangan n'yo ngang tingnan mabuti.

223 Ang buo nating bansa'y nagiging sambunton na ng mga hudlum. Kung sinu-sinong kabataang lalaki ang naglalakad sa palibot na 'yung pantalon niya'y nakalawlaw mula sa kanyang balakang, at nakaliyad ang ulo, at 'yung buhok niya'y abot hanggang sa leeg niya gaya ng water-head na gupit ni Gng. Kennedy, at palaboy-laboy na gaya nun, na akala mo hudlum, at tatawagin 'yun na istilong Amerika? Nahulog na kayo mula sa biyaya. Magsisi at bumaling pabalik sa Diyos, o kayo'y mapapahamak. Yan ang dahilan, kung bakit nais natin—nais nating kumuha ng isa rito na hahayaan lang tayo na gawin ang kung anu-ano na gusto natin. Ganoon nga.

224 Ganoon ang nangyayari sa mga kaiglesyahan. Ang gusto nila'y maghalal ng isang pastor, anupa't hindi pastor na tatayon roon at didikdikin sila ng Ebanghelyo. Siyanga't ang gusto nila ay 'yung pababayaan lang sila na maginat-inat sa kanilang bathing suit, at makapaglaro ng bunco sa ilalim na silid, at mamuhay sa anumang paraan na gusto nila, mga programa sa telebisyon na radyong di man lang nasala kung angkop ba, salaula't mahalay, pagsasanib mismo ng iglesya at ng sanlibutan.

225 Hindi nakapagtataka na makasisigaw si Amos laban sa bagay na 'yun. Sa palagay n'yo ba tatanggapin siya ng tao na boboto sila sa tamang bagay?

226 Kapag ang pastor nga'y mangaral nang lampas dalawampung minuto, ipapatawag nga siya ng lupon ng mga katiwala sa isang silid at sasabihin, "Tingnan mo rito, pastor. Hindi namin—hindi namin kayo dinala rito para gumawa ng isang bagay na gaya n'yan. Dalawampung minuto lang ang programa natin. Kapag umabot na dun, titigil ka na dapat."

227 Ang kailangan nga niyang gawin ay pagsisipain ang sambunton na mga katiwalang 'yun palabas ng pintuan, at kunin ang Biblia at mangaral nang buong magdamag, gaya ng ginawa noon ni Pablo, at naging saksi sa pagbubuhay mag-uli ng patay. Ganoon mismo. Palayasin man nila siya palabas ng gusali; hayan ang kanto ng lansangan na mainam na dako. "Magagawa ng Diyos mula sa mga batong ito. . ."

228 Telebisyon, mga palabas sa sinehan na di man lang nasala kung angkop, karumihan, kahalayan, at nagagaya tuloy. Tingnan n'yo ang mga kabataang anak natin ngayon. Tingnan n'yo ang mga anak nating babae. Tingnan n'yo 'yung mga maliliit na bata pa na nanggagaling ng paaralan, ni wala pang anim na taong gulang, pito, walo, nagsisindi na ng sigarilyo. Bakit ganoon? Ginagawa marahil ng nanay nila sa harapan nila mismo. Kung di nila ginagawa, marahil sa mga nakakasalamuha ng mga kabataang 'yun. Kaya bantayan n'yo ang kalaro ng mga anak n'yo. Tama. Dito nung isang. . .

229 May katagalan na, alam ito ng maybahay ko, nakaupo kami sa may hapag. At ang munti kong si Joseph ay may nabulalas na salita na maski lasing na marinero'y mahihiya sa sarili niya. Napalingon ako. Sabi ko, "Ano 'yun?" At ang nanay ay halos himatayin. Yung munti ngang bata'y mukhang inosente.

230 Sabi niya, "Ano pong problema, daddy?" At may malalaking luha sa kanyang mga mata.

231 Sabi ko, "Huwag na huwag mo nang sasabihin ang bagay na gaya n'yan kahit kailan." Wala nga siyang kamalay-malay tungkol dun. Nalaman ko na lang, ginagamit pala ng mga kabataan sa eskuwelahan ang maruming salita na 'yun. Sabi ko, "Anak, sa diyablo 'yan."

232 Kita n'yo, hayan nga, ang mga anak n'yo. Humantong na nga sa isang kalagayan, kapatid, na para bang aso-sa-aso na, grabeng kalipunan na mismo ng kasalanan. Oh, naku! Mga programa sa telebisyon, wiling-wili sa kasalanan, wiling-wili sa kalayawan! Oh, naku!

233 "Mahaba na ang dalawampung minuto. Kinakailangan ko pang maabutan 'yung palabas sa gabi." Kita n'yo? "Apurahin mo na 'yan at para makalabas na kami rito. May gagawin pa ako." Kita n'yo? Tapos na raw sila sa relihiyon nila para sa araw na 'yun. Nakadalo na sila't, sapat na raw 'yun.

234 Pero, sinasabi ko sa inyo, ang isang tunay na lalaki o babae na ipinanganak sa Espiritu ng Diyos ay mauupo maski lumipas

ang oras at mga oras, na umiinom ng Salita ng Diyos. Hindi lang 'yan, pero kapag tumimo nga 'yun dun, ito'y aangkla't babaguhin ang buhay. Amen. Oo.

<sup>235</sup> Ang dahilan nga'y ang gusto ng ating mga tao. Kaya ang buong kaayusan ay salaula't bulok. Ang dahilan nga'y ang gusto ng ating mga tao.

<sup>236</sup> Kumuha ka halimbawa ng isang mabuting lalaki, sabihin natin, isang mabuting lalaki mismo, ilagay siya sa isang pamilya na sambunton na mga wiling-wili sa kalayawan, dadalhin nila ang lalaking 'yun sa isang asong pamumuhay; o, isang mabuting babae, alinman, ilagay siya sa isang pamilya na sala-salabat. Aba, ang buong pamilya nga'y dapat susuko sa Diyos. Tungkulin natin ang manalangin, hanggang sa ang ating mga anak ay maligtas, panatilihin sa kaayusan ang ating bahay. Oo.

<sup>237</sup> Para nga tayong 'yung ginawa ng Israel noon, na nakipag-alyansa sa kanilang mga kaaway. Una, kinailangan nilang lumayo mula sa Salita bago nila magagawa 'yun. At ipinapakita nga n'yan kung gaano nang kalayo ang inilihis ng Amerika mula sa Salita.

<sup>238</sup> Alam n'yo, kinakailangan n'yong—kinakailangan n'yong tanggihan ang katotohanan bago kayo maniwala sa isang kasinungalingan. Ganoon nga. Ganoon mismo. Kinailangang tanggihan ni Eba ang Salita ng Diyos bago niya kunin ang kasinungalingan ni Satanas. Kinailangan nilang lumayo noon sa Salita, ganoon din ngayon, hinayaan lang ang Roma na sumakop nang walang ipinuputok na bala. Hindi nila alam ang Salita ng Diyos ukol sa mga bagay na ito. Yun nga ang problema.

<sup>239</sup> Kailangan natin ng isang pagbangon ng isang tunay na propeta, na dadalhin tayo pabalik sa Salita. Ganoon nga. Pinangakuan tayo ng isa. Pinangakuan tayo ng ganoon. Tunay, nga. Sinabi ng Malakias 4 na gagawin niya. "At panunumbalikin niya ang Pananampalataya ng mga tao pabalik sa kanila na mga pentecostal na magulang muli."

<sup>240</sup> Alam ni Amos na ang mga maibigin sa masama ng Israel ang wawasak sa kanya pagdating ng araw. Ngayon hayaan n'yong sabihin ko ito nang may pagpipitagan. Ganoon din na ang isang mananampalataya'y alam na ang sanlibutan, itong mga maibigin sa masama ng Amerika, ang wawasak sa kanya. Gustung-gusto n'yo ng pulitika! Sige't hahayaan ko lang tumimo 'yan pansumandali. Yun nga ang wawasak sa bansa. At ang pag-ibig n'yo sa sanlibutan, na hindi sumusunod sa Salita't ginagawa sana kung ano ang tama, 'yun ang wawasak sa iglesya. Ganoon nga mismo. Umaasa ako na nakukuha 'yan. Iniwan Siya ng iglesya, iniwan ang Kanyang Salita ng Buhay. Natitiosod ang buong mundo rito, na parang isang katitisan. Ganoon na ganoon ang ginagawa nila ngayon. Oo. Kung nandito si Amos, sisigaw nga siya laban sa buong sistema.

241 Ngayon, sa pagtatapos, nais kong sabihin ito, sa talata 8. Pakinggan n'yong maigi. Sinabi Niya, "Kapag umuungal ang leon, sino ang hindi matatakot kapag umuungal ang leon?"

242 Haya't nakapangaso na ako ng mga leon. Ang leon ang hari ng mga hayop. Sa Aprika nasubukan ko nang mahiga roon sa mga ilang, nang gabi, sa ilalim ng maliliit na mga damo, o maligasgas na talahib.

243 Ang leon nga'y dadamba sa harap man ng ipinuputok na baril. Hindi siya takot dun, pero hindang-hindi siya lalapit sa tinik. Napakinggan n'yo na 'yung alamat. Pero, totoo 'yun, ang leon nga'y hindi lalapit sa tinik. Hayan nga na nagtatayo sila roon ng mga kubo na gawa sa tinik, at hindi nga dadamba roon ang leon. Kung hindi, magagawa niya, na makapasok mismo roon.

244 Si Billy at ako. Naalala ko noong nakahiga ako roon isang gabi, at narinig 'yung malaking matandang bibig nun na paungal-ungal sa paligid, mga *ganoong* kalayo mula sa ulunan ko, kita n'yo, kita n'yo, pero di nga niya—di nga niya magawang lumapit. Yung malalaki niyang mga paa, mga *ganoong* kalaki, ay palakad-lakad dun sa lupa.

245 At maririnig mo nga ang lahat mula sa mga hyena, 'yung tumatawang hyena, 'yung umiiyak na hyena, at—at kaya nga nilang—nilang sumigaw. At—at maririnig mo 'yung mga baboon, 'yung mga unggoy, at—at 'yung mga giraffe, at 'yung mga elepante sa lakas ng kanilang ungal at "whee." Maririnig mo nga sila nang milya-milya. At 'yung mga kulisap at mga salagubang sa lahat ng uri ng ingay nila. Pero hayaan n'yo na isang leon ang umatungal sa kalayuan, maging salagubang ay mananahimik. Nakikinig sila. Bakit? Yun ang hari nila. Pinakikinggan nila 'yun.

246 Ang sabi ng Biblia, "Kapag ang Diyos...Kapag ang isang leon ay umatungal, sino ang hindi mattatakot? At kapag ang Diyos ay magsasalita, papaano tayo mapipigil sa pagpropesya?" Papaano tayo mapipigil mula roon? Kapag ang Diyos ang nagsalita, ang propeta nga'y isinigaw ang binigkas na Salita. At kung Ito ang Salita ng Diyos. . .

247 At ang leon ay umaatungal; ang mga salagubang, ang lahat, ay nananahimik, dahil takot sila. Ang kanilang—kanilang—kanilang hari ay—ay nagsasalita. Sila nga'y may—may sapat na kaunawaan, katapangan, at sapat na paggalang, para galangin ang kanilang hari kapag siya'y nagsasalita.

248 Kaya, kapag sinasalita ng Diyos ang Kanyang Salita, haya't ang bawat nilalang ng Kanyang paglikha ay kinakailangang makinig. Siya'y nagsasalita sa mga huling araw na ito. Kanyang inilalahad ang Kanyang Salita. At ibunsod n'yo ang bawat nilalang na bahagi ng Kanyang Kaharian na makinig sa bagay na Kanyang sinasabi. Huminto. Magsuri. Umaatungal Siya ngayon,



umaatungal sa pamamagitan ng Kanyang pinagtibay na Salita. Ipinakikilala Niya ang Kanyang Sarili. Sa pag-atungal Niya sa mga huling araw na ito, tayo nga'y makinig, at alamin na may bagay na napipintong mangyari, yamang nalalaman na hindi 'yun gagawin ng Diyos nang hindi muna Siya aatungal. Kapag Siya'y aatungal, may bagay nga na kasunod ang atungal na 'yun, oo, dahil Siya'y naglalahad.

<sup>249</sup> Sinabi Niya, “Ang isa bang—isa bang . . . Ang isang leon ba'y aatungal ngayon nang walang dahilan? Ang isang batang leon ba ay aatungal, mula sa kuweba, bago siya kumuha ng anuman?” Kita n'yo?

<sup>250</sup> Ang Diyos ay may dahilan sa pag-atungal, dahil nalalaman Niya na ang paghatol ay napipinto na. At, ang Kanyang Salita, ang Kanyang Salita ay isang propeta. Siya nga. “*Ito* ang propesiya ni Jesus Cristo.” Isa itong kapahayagan, inihahayang ng Diyos ang Kanyang Sarili sa atin sa pamamagitan ng Kanyang nasusulat na Salita. At Siya ang Salita. At, ngayon, *ito* ang Kanyang Salita. Wala ngang maidadagdag Dito o mababawas mula Rito, anupa't kinakailangan na Ito'y maipamuhay at nang matuwid kung papaano nga Ito. Huwag tayong mangahas, na mag-alis ng anuman mula Rito o magdagdag ng anuman Dito. Ang Diyos ay Diyos pa rin. Siya'y umaatungal.

<sup>251</sup> Sabi Niya, “Kung paano ang nangyari noon sa panahon ni Noe, gayon din naman ang mangyayari sa Pagparito ng Anak ng tao. Sila'y nagkakainan, nag-iinum, nagpapakasal, ipinapakasal, mga imoral.”

<sup>252</sup> “At gayon din kung paano noong mga araw ni Lot,” Siya Mismo'y dumating sa isang katawang laman, at pinagtibay ang Kanyang Sarili na naroon kay Abraham. Sabi, “Gayon din sa pagdating ng Anak ng tao.” Antabayan n'yo ang mga bagay na ito. Sumisinag na ang mga panggabing Liwanag.

<sup>253</sup> Oh, kung narito sa atin si Amos sa eksena ngayon, hayaan n'yo nga siyang umatungal, kanyang bubulyawan ang ating mga sistema't ating mga tradisyon, at ang Salita ng Diyos ay uusad nang may pananagumpay.

Manalangin tayo.

<sup>254</sup> Makalangit na Ama, Ikaw po'y mangusap muli. Umatungal Ka, Panginoon, sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Siya ang Propeta ng oras na ito. Siya ang Propeta ng araw na ito, na sinisikap na makahanap ng daan patungo sa mga puso ng mga kalalakihan at kababaihan, nang sa gayon ay maipangusap Niya ang Katotohanan. Ikinagagalak ko na Siya'y may nasusumpungan na ilan. Dalangin ko, Makalangit na Ama, na Siya'y makasumpong pa ng marami rito ngayong gabi, na Siya'y makagagamit ng isa na handang magpitagan. Kapag narinig nila ang atungal ng Diyos na makapangyarihan sa

lahat na dumarating sa pamamagitan ng Kanyang Salita, ang kahatulan ay malapit na.

<sup>255</sup> Kapag ang isang leon ay umaatungal, paparating na siya. Alam ng bawat—bawat nilalang na mainam na siya’y magtago, dahil ang hari’y lumalakad na nang pasulong.

<sup>256</sup> Diyos, nag-iisa lang po ang aming ligtas na dako, kapag ang Hari ng mga hari’y umaatungal na, ’yun nga’y sa Dugo ni Jesus Cristo. Mayroon kaming ligtas na dako. Dalangin ko, Makalangit na Ama, na Iyo pong kausapin ang aming mga puso ngayong gabi. At ipaalam sa kanila na sila’y nabubuhay na sa mga anino ng Pagparito ni Cristo, kapag ang mga bansa’y nagkakawatak na, at hayan ang mga bagay-bagay na nangyayari, gaya nga ng kung paano sila. At, sa kabila nun, sa Iyong malumanay na kaawaan. . . .

<sup>257</sup> Labis-labis ang aming pagkakasala, na tila ba tatalikuran Mo na kami Mismo, at hahayaan kami na maglimayon. Pero, sa kabila nun, kung papaano Ka noon doon sa Eden, Ikaw po’y gumawa ng isang daan para makaalpas. Gumawa Ka ng isang daan para makaalpas para kay Noe. Gumawa ka ng isa para kay Moises, at para kay Daniel, sa mga kabataang Hebreo. Ikaw, Ikaw nga’y gumagawa sa tuwina ng daan. At sila na makasusumpong Nito, sila’y lumalakad sa Liwanag ng Diyos at nagtatamo ng Buhay. Sila na tinatanggihan Ito, ay hinatulan at itinapon.

<sup>258</sup> Dalangin ko, Makalangit na Ama, na walang ganoon sa mga narito ngayong gabi, na mga itinapon. Nawa’y malugod nilang pakinggan ang atungal ng Diyos, ang Espiritu Santo na nangungusap sa kaibuturan ng kanilang mga puso, at sinasabing, “Heto Ako. Huwag kang matakot. Heto Ako.” Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

<sup>259</sup> Iaantala ko muna ang pagtawag sa pagdulog sa altar nang mga sampung minuto. Medyo atrasado na ako. Pero sa palagay ko namigay si Billy ng mga prayer card mga ilang gabi ang nakararaan, o parang ganoon, doon kina Kapatid na Groomer. At sa palagay ko namigay rin siya kagabi. Hindi ko natawag ang mga ’yun. Hindi ko. . . Sa palagay ko namigay siya uli ngayong gabi. Hindi ko alam kung namigay nga ba siya o hindi, pero sige’t tawagin natin ang ilan sa mga card na ’yun. Nandito ba si Kapatid na Groomer? Groomer? Wala, wala. Groomer. Nandito ba siya? Saan nga uli tayo magsisimula? Magsisimula sa bilang. . . Hindi ba’t nagsimula tayo sa bilang na isa, doon?

<sup>260</sup> Kagabi, wala tayong mga prayer card. Tayo. . . Dumiretso mismo ang Espiritu Santo sa mga tagapakinig at tinawag ang mga tao. Gusto n’yo ba ’yun? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Ako, rin. At sa pangangaral nang puspusan na gaya nito, ako nga’y medyo nag-aatubili ukol dito.

261 Kung magbibigay ako—magbibigay ako sa tao ng prayer card, obligado ako na ipanalangin ang taong 'yun. Ganoon nga. Kung wala tayong gagawin na espirituwal na pagkilala, ayos lang 'yun. Pero obligado ako para ipanalangin ang tao. Kapag mamimigay ng prayer card ang anak ko, kinakailangan kong—kinakailangan kong ipanalangin ang taong 'yun. Ganoon nga. Kaya, ganoon ang aking—aking saloobin tungkol dito. Gagawin ko, sa tulong ng Diyos. Bago ako umalis ng bansa rito, gagawin ko—gagawin ko 'yun.

262 Ngayon, di na tayo maaaring magpakatagal pa. Sige't tingnan natin, nagsimula tayo sa bilang isa hanggang dalawampu't lima, sa palagay ko nga, noong gabing 'yun. Oo, bilang isa hanggang dalawampu't lima. Ako. . . Kapatid na Groomer, nandiyan ka ba? Kapatid na Groomer? Di ko yata nabigkas nang tama. Pero palagay ko tama naman. Isa. . .

263 Buweno, sige't magsimula tayo sa kung saang iba ngayong gabi. Magsimula tayo, magsimula tayo sa pitumpu't lima, tapos, hanggang sandaan. Sino po ang may prayer card bilang pitumpu't lima, pakitaas ng inyong kamay. Sige't tingnan natin kung. . .Buweno, tama nga. Mainam 'yan. Sige, lumapit ka rito, binibini. Pitumpu't lima, pitumpu't apat, pitumpu't- . . . sige pitumpu't lima. Ngayon pitumpu't anim, pitumpu't pito, pitumpu't walo, pitumpu't siyam, walumpu, walumpu't isa, walumpu't dalawa, walumpu't tatlo, walumpu't apat, walumpu't lima, walumpu't anim, walumpu't pito, walumpu't walo, hanggang sandaan. Palapitin n'yo sila rito. Nasaan si Billy Paul? Paumanhin po. Sige. Halika, pumunta ka riyan. Pakitulungan siya ng mga usher hanggang sa makapunta ang mga tao sa pila para sa pananalangin.

264 Ngayon, ang iba pa sa inyo, tumingin lang kayo sa akin pansumandali. Sige. Iniibig n'yo ba Siya? Tayo nga'y umawit nang marahan, nang may kaluguran, pansumandali, habang ang ilan sa inyo ay tinutulungan ang mga kapatid na lalaki na bumaba riyan. Oh, salamat. Inalalayan na sila, sa baba riyan, para ang mga tao. . . Para 'yung mga pila ay hindi magkalab-labo. Nais kong manalangin para sa mga taong ito. Pagkatapos, bukas, marahil mananalangin tayo para sa mga maysakit uli, at sa susunod at sa susunod, hanggang sa magsimula ang kombensyon. At ako. . .

265 Marahil may pila para sa pananalangin si Kapatid na Roberts doon, din, doon sa—sa pagdarausan. Iniisip ko nga na siguro pagsamahin namin 'yung sa amin, 'yung isa sa isang panig, at 'yung isa'y sa kabila. Pero hindi ko—hindi ko lang alam kung papayag ba siya o hindi. Hindi ko pa siya nakakausap, at siguro'y mas mainam kung kausapin ko muna siya, kita n'yo. Si Kapatid na Oral ay isang mainam na kapatid, isang tunay na lingkod ni Cristo. At siya'y sapat ang kababaan na gawin 'yun, pero parang ayaw ko lang iprisinta ang sarili ko roon sa

isang lalaki na gaya nun, kita n'yo. Kaya siguro hahayaan ko na lang. Buweno, kung sasabihin niya sa akin, kung hihilingin niya sa akin, "Kapatid na Branham, halika at tulongan mo ako," ikagagalak ko—ikagagalak ko nga na gawin 'yun. Pero, ngayon, haya't siya'y mapagpakumbaba't lubos na kalugud-lugod na kapatid. At kung hihilingin niya sa akin na gawin ito, ako, siyempre, gagawin ko. Pero nais kong tanungin niya ako, unang-una, kita n'yo. Siguro'y hindi muna ako magsasabi ng anuman tungkol dito. Huwag n'yo munang babanggitin sa kanya, ngayon. Hayaan n'yo na—na siya na ang magsabi sa akin, tapos malalaman ko kung ayos lang. Kita n'yo?

<sup>266</sup> Pero ngayon—ngayon titingnan natin. Ilan ang may... Buweno, ngayon, tingnan natin. Ilan pong mga prayer card ang nasa gusali? Patingin ng mga kamay n'yo. Oh, may mangilangilan pa, siguro mga limampu pa. Apatnapu, limampu pa, marahil. Oh, siyanga, marahil tatlumpu pa. Sige. Ngayon dadako na tayo—dadako na tayo . . .

<sup>267</sup> Dadako tayo sa kanila. Ngayon ating...Hawakan n'yo lang ang card n'yo, kung di pa kayo natatawag. Kita n'yo, sampung minuto na makalipas ang alas diyas, at nais kong—nais kong makadalo kayo ng Sunday school sa umaga. At siguro bukas, magkakaroon tayo ng dalawang gawain, siguro'y uubusin na natin ang lahat halos ng mga card na hawak natin, at pagkatapos—pagkatapos magsisimula nang panibago para sa Lunes uli.

<sup>268</sup> Nasaan ba tayo sa Lunes ng gabi? Oh, nandun tayo, hayan nga, sa Tucson. Huwag n'yo pong kalimutan na magpunta ng Tucson, doon sa gaganaping kombensyon. Mayroon bang mga taga-Tucson dito? Oo. Sige. Harding dako nga ng mundo, tunay, taga-doon ka marahil. Marahil papupuntahin ako dun ni Kapatid na Carl Williams matapos n'yan, isa sa mga araw na ito. Noong kauna-unahang punta ko rito, sila'y magkakaribal na mga siyudad, at nakikita ko na hanggang ngayon pala.

<sup>269</sup> Nasanay na ako. Yung koponan ng bola, beysbol, o basketbol sa bayan namin, ang magkaribal na siyudad, Jeffersonville at New Albany, oh, naku, naku, naku! Whew! Wala ngang gabi na walang iringan, kapag may laro, kaya naman di ko alam kung ano na.

<sup>270</sup> Sa tuwina nga 'yun sila, alam ko, sa Tucson. Pero hinigitan na ng Phoenix ang Tucson nang maraming beses, sa palagay ko, dahil ako . . . ang Tucson, sa palagay ko wala pang sangkatlong bahagi ng laki ng Phoenix. Pero . . .

<sup>271</sup> Dadayo tayo roon, dahil mayroon sila roon mabubuti't, mga banal na tao sa dako roon, sigurado ako. Saan mang dako na pinupuntahan ko sa mundo, maging sa liblib na mga gubat ng Aprika, nakakahanap pa rin ako ng gaya nila. Oh, grabe! Kung magagawa ko lang sana na papuntahin dito ang maybahay

ko at pakantahin siya nung awitin na 'yun para sa inyo isang gabi, "Sila'y nanggaling mula sa Silangan at Kanluran, mula sa malalayong kalupaan." Ngayon, siya nga'y tatayo at lalabas kapag sinasabi ko 'yan.

<sup>272</sup> Hayan nga, na kinakabahan kasi siya kay Kapatid na Rose. Sabi kasi ni Kapatid na Rose, "Nandito pala si Kapatid na babaing Branham. Paaakyat natin siya, para magsalita nang kaunti."

<sup>273</sup> Sabi niya, "Lumulukso ang puso ko nang halos labinlimang lukso." Sabi, "Itinago ko nga ang ulo ko." Sabi, "Bill, kung nandiyan siya sa pagtitipon," sabi, "magtatago talaga ako." Mahiyain talaga siya. Kaya, akin—akin—akin ngang maririnig ito pag-uwi ko.

<sup>274</sup> Umaasa ako na lahat kayo na mga kabataan... Sinasabi ko ito, hindi dahil nandito siya. Alam n'yo 'yan, at lahat ng nakakakilala sa kanya. Umaasa ako na bawat kabataang lalaki na loob ng gusaling ito, kapag mag-aasawa siya, na ang babae nga'y maging mapagmahal sa kanya, at masaya ang inyong pagsasama, gaya ng maybahay ko at ako sa maraming mga taon na ito na nagdaan. Kung may anumang pagkilala na maibibigay sa pamilya Branham, ay sa kanya nga sana mapunta ito. Siya ang reyna. Tunay nga na siya. Isa pang bagay, isa siyang tunay na nanay. At pagkatapos tingnan n'yo kung ano nga ang kinakailangan niyang pagtiisan, kita n'yo, at pagkatapos, buweno, kayo—kayo nga'y magugulat kapag malaman n'yo kung ano. Hayan nga, mga taong nasa pintuan na, araw at gabi. At siya ang nakatayo sa pagitan ko at ng publiko, kita n'yo, doon nga, sa tahanan. Mangyari nga na talagang mahirap na trabaho 'yan.

<sup>275</sup> At ang munting paslit na si Billy Paul, naaalala ko nga, maraming beses, karga-karga ko siya kung saan-saan, noong namatay ang nanay niya, munting batang paslit pa lang noon. Lagi ngang sinasabi noon ni Dr. Adair, "Isa kang kakatwang lalaki." At magpupunta ako roon sa kalsada, karga-karga siya, at umiiyak siya't hinahanap ang nanay niya, at malamig ang panahon, alam n'yo, karga-karga ko siya sa aking balik, nang *paganito*.

<sup>276</sup> At wala akong sapat na pera para laanan siya... o bigyan siya ng tunay na botelya. Bote ng Coke ang ipinagagamit ko sa kanya na may tsupon lang sa ibabaw nun. Inilalagay ko 'yun *dito*, at ipit-ipit sa ilalim ng kili-kili ko, para panatilihin ang init nun. Kapag sobra-sobra na siyang umiiyak, kukunin ko lang dun, isusubo 'yung tsupon sa bibig niya. Padededehin ko siya nang kaunti, at ibabalik ko 'yung bote *rito*. At matatalsikan nga ako ng gatas, at lahat na, alam n'yo na.

<sup>277</sup> Karga-karga ko siya, tuluy-tuloy, alam n'yo, na dala-dala siya. Pagsapit ng gabi, naku, naku, sinusubukan ko siyang ihele para makatulog, at kukuha ng isang tao para bantayan siya

habang humahayo ako at mananalangin para sa mga maysakit. Mahaba-haba na talaga ang pinagsamahan namin. Umaasa ako na pananatilihin ng Diyos na ganoon kami.

<sup>278</sup> Nakita ko siya kahapon, na dala-dala ang munti niyang batang lalaki. At sa isip-isip ko, “Billy, ganoon ka, medyo matagal nang panahon ang nakalipas.” Buweno, ganoon nga ang kailangan nating gawin, ang tumabi, at bigyan ang iba ng pagkakataon. Purihin ang Pangalan ng Panginoon.

<sup>279</sup> “Kapag aatungal ang leon, kita n’yo, sino ang hindi matatakot?” “At ang takot sa Diyos ay panimula ng karunungan.” Tama ba? Yun mismo ang sinabi ng lalaking pantas. “Ang takot sa Diyos.”

<sup>280</sup> Ngayon, nais kong ang mga tao sa pila na ’yan para sa pananalangin, na nakatayo ryan, lahat kayo na nalalamang wala akong nalalaman na anuman tungkol sa inyo, itaas n’yo ang mga kamay n’yo. Bawat isa. Ang mabuting Panginoon ng Langit ang aking Tagahatol; sa abot ng nalalaman ko sa buhay ko, hindi ko pa nakikita ang isa sa inyo kailanman sa buhay ko. Marahil nakita na nila ako, mula sa pagkakaupo ryan sa mga tagapakinig.

<sup>281</sup> Ngayon, ilan diyan sa mga tagapakinig, ang nalalaman na wala akong nalalaman na anuman tungkol sa inyo? Pero, sa kabila n’yan, kayo’y may sakit, at naniniwala kayong, ang Diyos, mahihipo n’yo ang laylayan ng Kanyang damit, at mangungusap sa akin ang Diyos na tawagin kayo, gaya ng ginawa Niya sa babae, gaya dun sa orihinal na babae? Oh, grabe! Hindi nga nakapagtataka na nakapangaral ako nang mahaba. Mga tagapakinig na gaya n’yan, na may ganoong uri ng pananampalataya, ang magbubunsod nun.

<sup>282</sup> Ito ba ang binibini? Ngayon, heto ang isang binibini. Nagkatagpo kami ngayong gabi bilang mga estranghero, at ngayon nakatayo siya rito. Hayan nga, na marahil may sakit siya, o may kung anong ibang suliranin siya.

<sup>283</sup> Kita n’yo, ang Diyos nga’y gumagawa ng iba pang bagay maliban sa pagpapagaling sa mga maysakit, alam n’yo. At kaya . . . At ipinangako Niya na kanyang tutugunin ang lahat ng ating mga pangangailangan, ating mga pangangailangan, kung minsan hindi ang nais natin, kundi ating mga pangangailangan. Ngayon nais kong bulayin n’yo, ang isang ito ngayon, sa pag-uwi n’yo, o kung hindi n’yo pa ito nababasa noon, basahin n’yo ang San Juan 4, at—at tingnan ngayon. Ngayon, dito, ngayon, hindi ko lang maalala . . .

<sup>284</sup> Hayaan n’yong sabihin ko ito. Naniniwala ko, na ang pagmiministryong ito, alinman sa kukunin na Niya ako o ihahakbang ito sa mas mataas. Heto—heto nga na patugaygay na rito sa huling panahon. O, alinman sa ipadala ako sa ibayong-dagat o sa kung saan na di pa nila Ito naririnig kailanman. Kita

n'yo? May bagay nga na napipintong mangyari. Tandaan n'yo lang.

<sup>285</sup> At, pakinggan n'yo, hindi ako isang tagabenta ng teyp. Pero may kalugud-lugod na kapatid ako rito na nag-rerekord ng mga teyp na ito, at si G. Maguire po ito. Sa palagay ko James Maguire. At ang kanyang—kanyang biyenang lalaki, si Kapatid na Sothmann diyan sa likod, sila ang nangangasiwa sa mga teyp na ito. Sinasabi ko nga, kung mayroon man sa inyo na may teyp rekorder . . . Hindi ako magsasabi ng anuman tungkol dito ngayon, dahil hindi ko pa alam ang tungkol dito. Pero kung bumibili kayo ng teyp sa kanila, bilhin n'yo 'yung teyp na 'yun, *Mga Ginoo, Anong Oras Na?* Pakinggan n'yo 'yun, *Mga Ginoo, Anong Oras Na?* I-play n'yo 'yun nang may panalangin, at pagkatapos simulan n'yong manalangin para sa akin. Kita n'yo? Kapag inyong . . . Dahil, makikita n'yo roon ang—ang mahigpit na kalagayang kinatatayuan ko mismo ngayong gabi. Nababanggit ang mahigpit na kalagayan, kung alam n'yo lang kung ano ang kinatatayuan ko, ngayon mismo, dito! Kita n'yo? Pero kinakailangan kong umusad. hindi umaayaw ang mapanagumpay, at ang umaayaw ay hindi nagtatagumpay. Ganoon nga. Kinakailangan kong ipamuhay ang bagay na ipinapangaral ko. Kita n'yo? Ngayon, naniniwala ako sa Diyos. Naniniwala ako sa Kanya ngayon mismo.

<sup>286</sup> Ngayon, heto ang batayan. Ngayon kung ako—kung ako ang Panginoon nating Jesus na nakatayo rito, at ang babaing ito ay may sakit, alam n'yo na hindi ko siya mapapagaling kung ako ang Panginoong Jesus. Hindi ko magagawa, dahil nagawa ko na 'yun. Ngayon, ilan ang nakakaalam na totoo 'yun? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Kita n'yo? Tunay nga.

<sup>287</sup> Napatawad na Niya ang bawat pagkakasala. Kanyang pinagaling na ang bawat tao na may sakit. Kanya nang inilaan ang Dugo na 'yun sa Kalbaryo. Ang kabayaran ay binayaran na. Bayad nang lahat. Pero ang tanging bagay na kinakailangan n'yong gawin ay tanggapin Ito, sampalatayanan Ito at tanggapin Ito. At hindi n'yo Ito matatanggap hanggang sa unang-una'y sampalatayanan n'yo muna Ito. Kita n'yo? Sampalatayanan ang Ebanghelyo.

<sup>288</sup> Ngayon, pero ano kaya kung nakatayo Siya rito, na suot-suot itong amerikana na ibinunsod ng mabuting Panginoon kina Kapatid na lalaki't Kapatid na babaing Williams na bilhin para sa akin, mga lima o anim na taon na ang nakararaan? Haya't ano kaya kung nakatayo Siya rito para sa amerikana na 'yun, o suot-suot ang amerikana na ito, at ang babaing ito'y nakatayo rito?

<sup>289</sup> Ngayon, kung may mga pilat Siya sa Kanyang kamay, sasabihin Niya, “Nakita mo, Ako ang Mesiyas. Ako . . . Nakikita mo ba ang mga pilat? Tingnan mo ang noo Ko.” Ngayon, magagawa nga 'yun ng sinumang impostor. Siyanga. Hindi natin

Siya makikilala sa pamamagitan nun. At kung nakatayo Siya rito nang gaya nun, malalaman ko nga na hindi Siya 'yun. Alam ko mismo na hindi.

<sup>290</sup> Dahil, sa pagdating Niya, tutunog ang trumpeta. Tayo'y . . . Ni hindi nga Siya tatapak rito sa lupa. Tayo'y aagawin paitaas sa alapaap, para katagpuin Siya. Kita n'yo? Sasalubungin natin Siya sa alapaap. "Tayong mga nangabubuhay at nangatitira ay aagawing kasama nila, upang salubungin ang Panginoon sa papawirin." Hindi Siya pupunta mismo sa lupa. Sasalubungin natin Siya sa alapaap.

<sup>291</sup> Pero ngayon, ang sabi Niya, "Ako'y sasainyo, hanggang sa katapusan ng mundo. Hindi Ko kayo kailanman iwan ni pababayan man." Papaano nga Niya magagawa? Sa Kanyang Buhay. Kung ganoon, kung ang Buhay Niya ay nasa akin, at kung ganoon ay kinakatawan ko Siya. Pagkatapos, kung ganoon, 'yun nga'y magiging ang siya ring Buhay na nasa Kanya, kaya gagawin at gagawin nun ang siya ring bagay na ginawa Niya.

<sup>292</sup> Ngayon, heto ang isang lalaki at babae, gaya sa San Juan 4. Kinatagpo Niya noon ang isang babae. Hindi pa Niya nakikita ang babaing ito. Hindi pa Siya nakikita ng babae kailanman. At doon nakatayo sila, magkakarapan. At sinabi Niya sa kanya, dun sa babae sa balon, kung ano ang suliranin mismo nung babae. At noong gawin Niya 'yun, ang sabi nung babae, "Ginoo, napagkikilala ko na Ikaw—Ikaw ay isang propeta." Ang sabi nung babae, "Anupa't alam namin na kapag ang Mesiyas, kapag Siya'y dumating, Na tinatawag na *Cristo*, na ang ibig sabihin, 'ang Isa na pinahiran'; kapag dumating Siya, gagawin Niya ang mga bagay na ito, sasabihin sa amin ang mga bagay na ito."

Tapos ang sabi Niya, "Ako Siya, na nagsasalita sa iyo."

<sup>293</sup> Ngayon, kung Siya'y ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman; na hindi pa, sa korporal Niyang katawan . . . Ginagamit Niya lang ang katawan natin. "Siya ang puno. Tayo ang mga sanga." Kung ganoon, ang Espiritu na 'yun ay kikilos muli nang eksakto gaya ng kung papaano Ito kumilos noong Ito'y nasa Kanya. Tama ba? Ibubunsod ba kayo nun na manampalataya? Sabihin n'yo, "Amen," kung ganoon nga. [Sinababi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

<sup>294</sup> Ngayon, binibini, hindi kita kilala, hindi pa kita nakikita sa buong buhay ko, sa abot ng nalalaman ko. Haya't, marahil nakita mo na ako sa kalsada o sa mga pagtitipon, at kung ano pa. Pero ito ang unang beses na pagkikita natin.

<sup>295</sup> Ngayon, kung—kung kagalingan ang kailangan mo, buweno, ako, kung magagawa ko lang sana 'yun, ay gagawin ko mismo, lalo't kung may pamamaraan talaga ako. At kung sa pinansyal, kung ako—ako nga'y makakatulong, gagawin ko. At kung sasabihin mo, marahil para sa iba ito, na sasabihin mo, "Naparito po ako, Kapatid na Branham, para ipanalangin mo



ang—ang aking anak na lalaki, o anak kong babae, o kapatid kong babae, o tatay,” o kung sino pa. Gagawin ko 'yun, kita mo, sa abot ng makakaya ko.

<sup>296</sup> At—at kung may problema ka naman sa tahanan, sasabihin ko, “Nais kong makilala ka at ang iyong asawang lalaki, na magkasama, at kakausapin ka sa kung saan maliban dito, kita mo, para kapwa ko kayo makausap at makita mismo kung saan naroon ang problema.” Pagkatapos, kapag ihahayag ng Espiritu Santo, sasabihin, “Sandali lang. Ginawa mo ang bagay na *ito* rito sa *ganitong* partikular na oras.” Yun na 'yun. Hindi mo 'yun maikakaila. Kita mo? Sasabihin, “Ginawa mo ang bagay na *ito* sa dako rito.” Kung ganoon, haya't matatapos na, kita mo. Ngayon, magsimula ka mula roon. Kita mo? Nang sa gayon, maresolba ito.

<sup>297</sup> Ngayon, alam mo na nakikipag-usap ako sa iyo para sa kung anong layunin. Kanina pa akong nangangaral. Kita mo? At heto nga na inihahanda ko—inihahanda ko ang aking sarili sa—sa pahid para sa isa pang bagay, kita mo, para makita kung ang Espiritu Santo'y darating at kikilos sa akin dala ang isang Makalangit na kaloob; 'yun nga'y, ang dalawang kamalayan na nakalatag nang magkatabi, na nagkakaloob sa akin sa biyaya ng Diyos na makakita ng mga pangitain, at makita ang mga bagay na nangyayari, bagay na mangyayari pa lang, bagay na nangyari na.

<sup>298</sup> Malalaman mo kung katotohanan nga 'yun o hindi. Nakatayo ka rito sa harap ng halos limandaang katao, kita mo, o halos ganoon, tatlongdaan, hayan nga. Kita mo? At—at alam mo na ito—ito. . . Alam mo kung totoo nga ito o hindi. At—at kung 'yun ay totoo, kung ganoon sa Diyos ito. Sinabi ng Biblia, “Kung mayroon sa kalagitnaan ninyo, na espirituwal o isang propeta, at ang bagay na sinasabi niya ay nangyayari, kung ganoon ay pakinggan n'yo siya.” Kita n'yo? Ngayon, “Kung hindi, kung ganoon ay huwag n'yo siyang pakinggan.”

<sup>299</sup> Ngayon, wala akong kaide-ideya kung ano ang ipinunta riyan ng binibini. Pero ngayon hayaan n'yo lang ang Espiritu Santo na dumating, at tingnan kung hindi ba't sasabihin Niya ito. Kita n'yo? At kung hindi ba't 'yan din ang siya ring bagay na ginawa ng ating Panginoon! Yun nga mismo ang Kanyang gagawin kung Siya ay nakatayo rito, dahil, alalahanin n'yo, Siya ito. Siya ito. Hindi ako ito. Hindi ko kilala ang babae. Sinasabi ko mismo, hindi ko siya kilala. Kaya, kinakailangan na Siya mismo.

Ngayon, mangyari nga, na ang binibini ay nakaramdam ng kahanga-hangang pakiramdam sa kanyang espiritu.

<sup>300</sup> Hindi dahil nakataas ang kamay niya. Nakapunta na kayong lahat sa mga pagtitipon, at nakita sila na nagsipagtaas ng kamay nila, *ganoon* nga, at tumatawag pabalik ang Espiritu Santo

at sinasabi sa kanila kung ano sila. Kita n'yo? Ganoon nga. Wala nga 'yung ibig sabihin. Narinig n'yo na silang nakahiyaw at nakasigaw; pagkatapos, sasabihin mo sa kanila pagkatapos, "Nakikisama ka sa asawang babae ng lalaking *ito*," nakinita 'yun sa dako *rito*, at lahat na ng iba pa. Buweno, alam n'yo. Nakadalo na kayo sa mga pagtitipon at nasaksihan na kung paano ang mga bagay na 'yun, at nakita kung paano 'yung mga bagay na 'yun, na wala ngang ibig sabihin 'yun.

<sup>301</sup> Pero mukha ngang ang binibini ay nakakaramdam ng kaaya-ayang pakiramdam sa kanyang espiritu. Ngayon, ang binibini po'y dumadanas ng kung anong bagay na mali. Nakikinita ko siya, 'yung paraan ng pagkain niya. Nasa harapan ko siya ngayon, sa may hapag, at para bang nagbabawas ng pagkain o kung ano, mukhang kakaibang paraan ng pagkain. Tama. Totoo ba? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Tama po."—Pat.] Kung ganoon itaas mo ang kamay mo para makita ng mga tao. Kita n'yo? Nakikinita ko ang binibini sa harapan ko, na may ginagawa. Kung ano man 'yun, nakateyp ito. Kita n'yo? Buweno. Ngayon, para malaman n'yo kung bakit. . . Isa siyang mabuting tao.

<sup>302</sup> Magmatyag lang pansumandali. Ngayon ang Espiritu'y nagpapahid. Ngayon, ang lahat po'y maupo nang talagang mapitagan mismo. Manatili kayo sa pananalangin. Manalangin, dahil nakikita ko Ito na kumikilos sa ibabaw ng mga tagapakinig ngayon-ngayon lang. Kita n'yo? Ngayon magpitagan po nang maigi.

<sup>303</sup> Tingnan natin ang binibini muli, mangusap lamang sa kanya. Anuman ang sinabi Niya sa iyo. . . Oo. Heto nga. Nasa hapag. Isa—isa itong sakit sa tiyan. At parang impeksyon o kung ano sa tiyan. May doktor na sumusuri rito. At, ang sabi, mayroon ka na raw nitong problema na ito matagal na. At, minsan, dineklara itong, "Ulcer, na umumbok." At ngayon may sinabi siyang isang bagay. Ano 'yun? "Duodenum. Duodenum. Duodenum," Nauulinigan ko na sinasabi niya 'yun. Kita mo? Siyanga. Ganoon mismo. Ang pangalan mo ay Binibining McCraw. Tama. Humayo ka ngayon, manampalataya nang buong puso mo.

Nananampalataya ka ba?

<sup>304</sup> Matapos na umiyak diyan, habang nakaupo riyon, ginoo, 'yang bumagsak mong baga'y marapat lang na mas mainam na ang pakiramdam mo ngayon, kung mananampalataya ka. Maayos na ito ngayon. Sige, 'yun ang nagpaayos. Amen.

Ano ang kanyang hinipo?

<sup>305</sup> Ang lalaki, na mga dalawang tao sa likod niya riyon, na may paninigas ng artery, kung makasampalataya ka rin, ginoo!

<sup>306</sup> Ano ang hinipo niya? Hindi n'yo ba nakikita 'yang Liwanag na nakalutang diyan? Tingnan n'yo ang Amber na 'yan *diyan*.

Hindi ko kilala ang lalaki, hindi ko pa siya nakikita sa buong buhay ko. Manampalataya ka lamang sa Panginoong Jesus.

<sup>307</sup> Ngayon, sa kung saang dako, may munting sanggol dito, isang musmos na may balikong leeg. *Hayan* nga ito. Hindi ko siya kilala. Manampalataya ka, kapatid na babae. Ang leeg na 'yan ng bata'y tutuwid, kung makasampalataya ka.

Ano ang kanyang hinipo? Hallelujah.

<sup>308</sup> May kung ano pang bagay tungkol sa leeg. Nakinita ko. Isa itong babae. Hindi ko lang siya matukoy kung nasaan. Oo. Nakaupo siya riyon, umiiyak. Gng. Riley, manampalataya ka sa Panginoong Jesus Cristo, gagaling ang iyong leeg. Manampalataya ka.

<sup>309</sup> Hindi ko kilala ang babae. Hindi ko pa siya nakikita sa buong buhay ko. Ang tanging bagay na kailangan mong gawin ay manampalataya kay Jesus Cristo. Sinasampalatayan mo ba 'yun? Manampalataya ka.

<sup>310</sup> Hindi kita kilala, ginoo. Tayo'y estranghero sa isa't isa, sa abot ng nalalaman ko. Nananampalataya ka ba na masasabi sa akin ni Jesus Cristo kung ano ang suliranin sa iyo? Malalaman mo nga kung ito'y tama o hindi, hindi ba? Kung makasampalataya ka nang buong puso mo ngayon! Haya't patuloy itong pumupunta sa mga tagapakinig. Nananampalataya ka ba na ang maybahay mo riyon ay gagaling, din? [Sinasabi ng kapatid na lalaki, "Opo."—Pat.] Problema sa mata, dumadanas siya ng problema sa mata. Sinasampalatayan mo ba? Hindi ka taga-rito. Hindi. Galing ka sa isang lugar na maraming tubig, malayo-layo. Bayan ito na nasa baybay-dagat. California, sa Los Angeles. Bumalik ka, G. Bowman, at maging maigi. Haya't paiigihin ni Jesus Cristo ang lagay mo.

<sup>311</sup> Sumasampalataya ka ba? Ngayon, kayo, ang bawat isa'y maaaring mapagaling ngayon kung sasampalatayan n'yo ito. Sinasampalatayan n'yo ba 'yun?

<sup>312</sup> Kayo naman diyan sa pila para sa pananalangin, sinasampalatayan n'yo ba, rin? Manampalataya lamang kayo, at huwag mag-alinlangan. Manampalataya nang buong puso n'yo, nang saglit.

<sup>313</sup> Ang ginang na ito, ang dahilan kung bakit huminto ako sa kanya, siya'y nasa malubhang kalagayan. Mamamatay nang agaran ang babae kung walang gagawin para sa kanya, dahil siya'y nalulukuban ng anino. Nakikita n'yo ba ang maitim na anino na 'yan sa ibabaw niya?

<sup>314</sup> *Hayan* nga, alam n'yo, may anino tayo ng kamatayan sa ibabaw ng mga tao, na nakuhanan ng litrato, gaya nung Anghel ng Panginoon? Mayroon nga kami nun na nakalutang sa aming simbahan noon; malaki't, itim ang itsura, na parang ipuipo,

na nakalutang sa ibabaw ng isang babae. Sinabihan nila siya na huwag kunan ng litrato. At ang sabi ng Espiritu Santo, “Kuhanan mo ito ngayon.” At kinunan nila ng litrato, at hayun nga ’yun. Kita n’yo? Magkabilang gilid, dito. Nakalutang nga ’yan diyan.

<sup>315</sup> Kayo na mga taga-tabernakulo, ang ilan sa inyo nga, na nandito, sina Kapatid na Fred at sila, narito ang siya ring bagay na nakalutang sa ibabaw ng babaing ito.

<sup>316</sup> Mayroon siyang kanser, siyanga, sa pantog. Ganoon nga. Tama ba? Itaas mo ang kamay mo kung totoo ’yun. Kita n’yo? Ngayon lumisan na ang kadiliman, nang walang imik. Kita n’yo, ’yung pananampalataya lamang niya, ang kumilos dun. Humayo ka, na nananampalataya. Amen. Amen. Huwag n’yong pag-alinlanganan. Humayo lang at sampalatayanan nang buong puso mo.

<sup>317</sup> Maraming pinapatay na tao ang sakit sa puso, pero hindi ka nun mapapatay kung makasampalataya ka. Amen. Humayo lang kayo, na sinasabi, “Salamat sa Panginoon.” Humayo at maging magaling na. Sige.

<sup>318</sup> Gusto nga ng diyablo na magkaroon ka nitong arthritis nang buong buhay mo. Pero kung sasampalataya ka nang buong puso mo, pagagalingin ka ni Jesus Cristo. Sinasampalatayanan mo ba? Humayo ka na sa daan mo, na pinasasalamatan ang Diyos.

<sup>319</sup> Nananampalataya ka ba nang buong puso mo? Maaari ka nang humayo at kumain ng hapunan mo, at lilisanin ka ng sakit na ’yan sa tiyan. Humayo ka lang na nagsasabi, “Purihin ang Panginoon!” Humayo, sumampalataya sa Kanya nang buong puso mo.

<sup>320</sup> Ikaw, rin, may sakit ka sa tiyan. Manampalataya ka nang buong puso mo, at humayo, at pagagalingin ka ni Jesus Cristo. Sige.

<sup>321</sup> Anong ikinatatakot mo? Nililigalig ka ng pagkanerbiyos. Halos panlupaypayin ka nito, halos bagsak ka na, nagsisinungaling sa iyo si Satanas. Pero tapos na ito ngayon. Naniniwala ka ba sa akin? Humayo ka, at sabihin, “Purihin ang Panginoon!”

<sup>322</sup> Panginoong Jesus, dalangin ko na Iyong pagagalingin ang aming kapatid na babae at paiigihin ang lagay niya, sa Pangalan ni Jesus. Amen.

<sup>323</sup> Lumapit ka, na nananampalataya, kapatid na babae. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, ipinapatong ko ang aking mga kamay sa kanya para sa kanyang kagalingan.

<sup>324</sup> Lumapit ka, kapatid ko. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, ipinapatong ko ang mga kamay ko sa kapatid na lalaki para sa kanyang kagalingan. Amen.

<sup>325</sup> Ilan po ang may nananampalatayang puso, sa ilalim ng kamay riyana na nagsipagtaas? Ngayon ipatong n'yo ang kamay na 'yan sa katabi n'yo. Sabihin n'yo, "Sasabihin ba 'yun ni Amos?" Siguradong sasabihin niya. Salita 'yun ng Panginoon. Itaas n'yo ang kamay n'yo, manampalataya kayo.

<sup>326</sup> Ang sabi ni Jesus, "Ang mga tandang ito'y lalakip sa kanila na mga nananampalataya. Kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa maysakit. . ." Hindi pa nga sinabi riyana na sila'y manalangin para sa kanila. Ang sabi, "Kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa maysakit, kamay lang na nakapatong sa mga tao, sila'y magsisigaling."


Manalangin tayo.

<sup>327</sup> Panginoong Jesus, ang Hari'y umatungal na sa Kanyang Tinig, "Ang mga tandang ito ay lalakip sa kanila na mga nananampalataya. Kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, sila'y magsisigaling." Panginoong Diyos, nawa'y bawat demonyo'y sumigaw. Nawa'y bawat sakit ay lumayas. Nawa'y ang diyablo'y magapi, at ang mga anak ng Diyos ay lumabas ng gusaling ito ngayong gabi nang may katagumpayan at kapangyarihan ng pagkabuhay na mag-uli ni Jesus Cristo.

<sup>328</sup> Sampalatayanan n'yo ito. Ganoon nga. Manatili mismo rito. Sige't, panatilihin n'yo lang, ipatong n'yo lang ang kamay n'yo sa katabi n'yo, sabihin n'yo, "Panginoon, Iyo pong pagalingin sila." Nais kong manalangin kayo. Ako'y nanalangin. Nais kong manalangin kayo para sa iba. Kayo'y—kayo'y ang. . . Kayo'y isang Cristiano gaya ko. Tayong lahat ay mga Cristiano. Ngayon manalangin kayo para sa iba. Sila'y nanalangin para sa inyo.

<sup>329</sup> Ngayon, nais n'yo ba na maipanalangin kayo ng iba? Manalangin kayo para sa kanila gaya ng nais n'yong maipanalangin kayo ng iba. "Gawin n'yo sa iba, ang nais n'yong gawin sa inyo ng iba." Manalangin nang lubos, maging sinsero, gaya ng nais n'yo na panalangin ng iba para sa inyo.

<sup>330</sup> "At ang panalangin ng pananampalataya'y magliligtas sa may sakit. Ibabangon sila ng Diyos. At kung mayroon silang anumang kawalan ng pananampalataya, 'yun nga'y aalisin sa kanila." Bakit? "Umaatungal ang Hari. Sino nga ang hindi baga't magpropesya? Sino nga ang hindi baga't magpapatotoo kapag umaatungal ang Hari?" Sinasabi ng Kanyang Salita, "Siya'y siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman."

Kapatid na Fuller, halika. Pagpalain ka ng Diyos. 

63-0119 Ang Daan Ng Isang Tunay Na Propeta  
Faith Temple  
Phoenix, Arizona U.S.A.

TAGALOG

©2024 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

[www.branham.org](http://www.branham.org)